



JOP Archives Presents

Symphony Series

Stories by Foo, Yesha and Louise

Ang series na ito ay naglalaman ng mga “unfinished” chapters na pumapasok sa bawat utak ng isang manunulat. Ang layon ng series na ito ay mabigyan ng pagkakataon ang mismong istorya na ipagpatuloy ng ibang manunulat. Hindi man matapos ang series na ito, at least, mailalabas namin ang mga ideas na biglang pumapasok sa aming imahinasyon.

Sa ngayon, its either we continue the story or fully stop its production. But in the end, if we will receive comments on how we should continue the story, it would be much better in our part. At least, you’ve been warned. Read at your own risk. You may also submit your own piece as well if you like.

Karapatang Pag-aari © 2011, Tagalog Online Pocketbook

Lahat ng karapatan ay reserbado. Walang bahagi ng publikasyong ito ang maaaring kopyahin, sa anumang anyo o paraan ng walang pahintulot sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa amin.

Ang ebook na ito ay obra ng mga manunulat na nagsulat nito. Ang Tagalog Online Pocketbook ay hindi ginarantiya ang kawastuhan ng mga bawat nakasulat dito at hindi tumatanggap ng anumang panagutan para sa anumang resulta ng paggamit nito.

Kung may pagkakahalintulad man sa pangalan, lugar, bagay, pangyayari o anuman sa tunay na buhay ay pahindi ito sinasadya dahil ang mga ito ay pawang kathang isip lamang.

Para sa karagdagang impormasyon, alamin ang mga sumusunod na detalye sa ibaba.

- Website <http://www.tagalogonlinepocketbook.com>
- Email support@tagalogonlinepocketbook.com
- Facebook <http://facebook.com/tagalogonlinepocketbook>
- Like Us <http://facebook.com/topreader>
- Follow Us <http://twitter.com/topocketbook>

Contents

1. When the storm goes away by foobarph
2. A Kiss of Lies by Louise
3. Sa Kaniya by foobarph
4. Bakasyon (A Halloween Special) by Yesha
5. My Immortal by foobarph
6. Forever by Yesha
7. Snow and Me by foobarph
8. Frozen Shrine by foobarph
9. Sa Paskong Ito by foobarph
10. Kwaderno by foobarph

When the storm goes away

by foobarph on February 17, 2009

“**MINE!**” sigaw niya bago siya mabilis na tumalon sa ibabaw ng net. Isang spike ang gagawin niya para makahabol ang kanilang team sa lamang ng kalaban.

“No way Angela!” sigaw naman ni Aiza bago siya nito sinabayan sa ere.

Isa ito sa mga karibal niya kahit nang nagsisimula pa lamang siyang mag try-out ng volleyball. Dati kasi silang mag-kaklase ngunit dahil na rin sa kagustuhan ng mga magulang ni Aiza na ilipat siya ng unibersidad, nagkahiwalay ang dalawa ngunit hindi natigil ang kanilang hilig sa paglalaro ng nakahiligang sport.

Sakto sa mga palad ni Aiza ang bola upang maisagawa ang isang Roof play. Isa itong uri ng defensive play kung saan mahihirapan ang mga attackers na buhayin muli ang bola na siyang magiging dahilan upang makapuntos ang sumasalag at hindi ang umaatake.

“Dig Liz!” sigaw naman ni Jill sa likuran nito habang tinitingnan ang mabilis na pagbulusok ng bola sa sahig.

Pigil hininga ang eksenang iyon dahil halos gumulong sa sahig si Liz upang maisalba ang bola. Lumipad muli ang bola sa ere habang mabilis na pumuwesto ang koponan ni Angela para sa kanilang gagawing counter-attack. Mabilis rin pumuwesto ang panig nila Aiza para sa kanilang defense.

“I’ll set! Angela, it’s yours again!” sigaw naman ni Jennifer bago nito nag-set ng bola para sa gagawin niyang spike. Sa pagkakataong ito, sisiguraduhin niyang hindi na makakaligtas ang bola sa gagawin niyang tira.

Tumalon siya ngunit mabilis rin na tumalon sina Aiza at Maika upang salubungin siya sa ere. Napaka-persistent talaga ng dalawang ito!

“It’s no use Angela!” sigaw ni Aiza.

“We will end it here!” segunda naman ni Maika.

Simbilis ng kidlat ang ginawa niyang paghataw sa bola ngunit hindi niya ito pinatamaan dahil isang fake lang pala ang gagawin niya. Kasunod nito’y mabilis na sumunod sa tagiliran niya si Paulina. Siya ang magsasagawa ng finishing move upang maitabla ang puntos laban sa koponan nila Aiza.

Pasok ang bola sa baseline ng kalaban! Ang puntos ay nakamit ng grupo nila.

Para silang mga bata na nagsitalunan sa gitna ng court, maski ang mga fans nila ay todo na rin sa paghiyaw. Isang simpleng volleyball season lamang ang laro nila ngunit sa dami ng taong nanunood sa kanila ay tila isang game sa finals ang nangyayari.

“Good job Angela!” sabay flash ng OK sign sa kaniya.

“Kaunti na lang at magiging atin na ang game na ito!” ani Jennifer bago siya nito pinalo sa kaniyang puwetan.

Sumunod naman si Liz kay Jennifer bago ito nagsalita, “I’m hungry girls. Let’s finish this once and for all.”

“Alright!.” banta naman ni Rissa Jane pagkatapos nilang bumalik sa kanilang offensive position.

Isa na lamang ang lamang ng kalaban nila. Nag-serve si Paulina ngunit lumabas ito sa baseline. Ngayon, hawak na nila Aiza ang bola. Kung makakapuntos pa ang kabilang koponan, tiyak na ang kanilang pagkatalo. At hindi niya mapapayagan ito. Lalo na ngayon, sa kaniya umaasa ang kaniyang mga kasamahan.

SI Aiza ang magse-serve ng bola at kitang-kita sa mga mata nito ang determinasyon na makuha ang huling puntos. Ngunit pinakalma niya ang sarili, kailangang hindi siya magpadala sa pinapakita nitong tiger-look, tutal, kaya niya rin namang gawin iyon.

Tumigil sa pagdi-dribol si Aiza bago niya hinawakan ang bola. Isang jump serve ang gagawin nito. Ngunit bago nito isagawa iyon ay sumenyas muna ito sa kaniya. At alam niya ang ibig sabihin ng senyas na iyon.

“Matatalo kayo Angela.” ayon sa senyas nito.

Mabilis na naisagawa ni Aiza ang jump serve at halos mabuwal naman sa kinatatayuan si Liz pagkatapos niyang masalo ang bola. Habang nasa ere ang bola ay nag-switch ng posisyon ang mga manlalaro. Ngayon ay nasa harapan na niya si Aiza at si Maika na tila nakaabang sa gagawin nilang pag-atake.

Hindi niya sinasadyang masulyapan ang mga mata ni Aiza. Kitang-kita niya dito ang galit at determinasyong manalo sa kanilang laban. Tuloy, naalala niya ang kanilang pag-uusap bago sila pumasok sa court.

“IKAW ang dapat sisihin sa pagkakasakit ni Lenard Angela.” ani Aiza bago siya sinampal nito ngunit nasapo niya ang kamay nito saka niya ito hinawakan ng mahigpit.

“It’s not my fault. Aksidente ang nangyari!” sagot naman niya sa kaniya.

“Kung hindi ka dumating sa party na yun, hindi siya ma-a-aksidente habang nagmamaneho!”

“Aba! At ako pa pala ang may kasalanan ngayon. Look Bes, tipsy na siya bago pa siya sumakay ng sasakyan. And take note, nag walk-out siya sa party mo. Stubborn talaga.”

“Don’t call me Bes dahil ahas ka!”

“At paano naman ako naging ahas, ha!? Explain it to me Aiza or else, you’re going to get it!”

Nakawala si Aiza sa pagkakahawak niya sa kamay nito. Pagkatapos ay hinawakan nito ng mahigpit ang kaniyang kwelyo. “He loves you!”

“Huh? Si Lenard? Mahal ako? H’wag ka ngang magpatawa. Malalaki na tayo no. Besides, sa ibang school na ako nag-aaral, at kayong dalawa, nasa iisang school. Imposible yang sinasabi mo.

“Damn! I told him that I love him! But he rejected me and told me he loves you instead! And I hate you dahil akala ko tinutulungan mo ako nuon sa kaniya. Yun pala, may lihim na pagtingin ka din sa kaniya!”

“Look, wala kaming ginagawang masama. It’s not my fault. So stop this and let’s just visit him after this match, ok?”

“No— no way! You won’t be seeing him again. And you know why?”

“Why?” pagtataka niyang tanong sa hysterical niyang kaibigan.

“Dahil buntis ako at si Lenard ang ama. This will be our last game as a friend. And if you did considered me as a friend... please, leave us alone.”

“ANGELA! Above you!” sigaw ni Paulina bago siya nagising habang nakatayo. Isang normal pass lang ang nagawa niya imbis na spike. Pasaway talaga ang meet-up niya kay Aiza, nakakasira ng concentration!

Ngayon, ang bola ay nasa panig na nila Aiza at nai-set na rin ng mga ito ang bola para sa isang spike. Mabilis na lumipad si Aiza sa ere saka umatake! Sumabay din siya at si Paulina upang i-block ito ngunit nakalusot ito sa kanila.

Isang mabilis at pa-kurbang tira ang nagawa nito na siyang naging dahilan upang pumasok ang bola sa corner baseline ng kanilang court. At isa lang ang ibig sabihin nito— natalo sila.

Kasabay nito’y dinig niya sa lahat ng kanilang direksyon ang tuwa ng kanilang mga kalaban. Ngunit kalungkutan naman ang nadama ng kaniyang mga kakampi dahil sa kanilang pagkatalo. At sa kaibuturan ng kaniyang pagkatao, tanging pagsisisi at galit ang kaniyang nararamdaman.

A Kiss of Lies

by Louise on June 7, 2009

“ATE Lex!” Gigil nyang tawag ni Ram sa nakakatandang kapatid habang kinakatok ang dahon ng pinto. Siguradong tatanghaliin nanaman siya, kapag ito kasi ang nauuna sa banyo ay tiyak na aabutin ito ng siyam siyam.

“Sandali lang.” Sigaw sagot nito mula sa loob.

Hay... siguradong isang oras pa ang “sandali” nito, muli syang naupo sa may dining table kung saan malapit ang banyo.

Tumingin sya sa orasan, alas-otso y medya na, mag-aayos pa sya. Inip na napabuntong hininga sya at muling tumayo para katukin ang kapatid.

“Ate!” muli nyang tawag dito.

“Tapos na.” Sagot nito na narinig nya ang pag-flush. Ilang sandali pa ay lumabas na itong may bitbit na Archie comics.

“Ate Lex naman eh, nakuha mo pang magbasa alam mo na ngang late na ako.” Nakasimangot niyang sita dito habang nakatingin sa hawak nito.

“Maligo ka na. Di ba late ka na?” anitong ngingisi-ngisi. Inirapan niya ito at nagmamadaling pumasok sa loob.

Hay, hindi na yata talaga magbabago ang ate niya sa pagiging makupad kumilos. Bagay na ikinaiinis talaga niya dito. She also has a habit of ‘bukas nalang system’, ‘bahala na system’ at kung ano pang system!

“Umuwi ka ng maaga ha? Baka maya abutin ka nanaman ng gabi.” Bilin nito sa kanya habang palabas na siya ng bahay. Tango lamang ang isinagot niya, sigurado kasing kapag nagsalita siya ay hahaba pa ang usapan.

Mula ng bumagsak ang kabuhayan nila ay umuwi na ng probinsya ang parents nila kasama ang tatlong mga kapatid, sila nalamang dalawa ang naiwan dito sa Maynila dahil ang katwiran nila ay ang kanilang pag-aaral. At ngayong graduate na sila ay ang masmagandang oportunidad naman sa kanilang naghihintay. She sighed, how she wish na sana magkakasama na ulit silang buong pamilya, pero hindi ganun kadali ang lahat. Naisin man nilang umuwi paano naman nila matutulungan ang magulang na muling makabangon?

She held her breath, pilit na tinanggal ang kabang pumaloob sa kanya, sya na ang susunod na tatawagin ng sekretarya. Final interview na nya ito ngayon sa isang Airline Company. Sana ay palarin nya sya ngayon dito, sa mga nakaraan kasing pinag-aaplayan nya ay lagi nalamang syang hanggang final

interview, pagkatapos niyon ay hindi na sya tinatawagan pang muli. Inilabas nya mula sa bag ang salamin at sinipit ang mukha. Nang makitang hindi na nya kailangan pang mag-retouch ay isinoli iyong muli.

Maya maya pa ay tinawag ng sekretarya ang pangalan nya. Nag – sign of the cross muna sya bago tuluyang tumayo sa kinauupuan para sundan ito. Punong puno ng kaba ang kanyang dibdib subalit pilit nyang iwinaksi iyon. Hindi ako papasa kapag puro nyerbios ang paiiralin ko. Kaya ko ‘to. Aniyang pinalakas pa ang loob.

Lahat naman ng katanungan ng interviewee ay nasagot nya ng maayos, she did not even stammer. Muli syang sinabihan na tatawagan daw sya ng kumpanya after this interview in two to three days time, and if she haven’t received any call from them, then that only means one thing, she did not pass.

Pagod ang katawang humiga sya sa kama, hindi man lamang sya nakapagpalit ng damit, tanging pantyhose at sapatos lang ang kanyang tinanggal. Mariing ipinikit ang mga matang hapo upang ipahinga ang mga iyon

“Rem, si Marc nasa sala.” Ang ate nyang bigla nalang sumulpot sa pinto ng hindi nya namamalayan. Idinilat nyang muli ang mga mata, mabigat ang katawan na naupo at isinuot ang malambot na tsinelas na nasa paanan ng kama. Tamad na tumayo at tinungo ang salas kung saan naghihintay ang kasintahan mula pa ng sya ay highschool pa lamang.

“Hindi ka pa nakabihi?’ kunot-noong tanong ni Marc.

“Pwede bang ‘wag na muna akong sumama ngayon?” pakiusap nyang sumalampak sa sofa na nasa tabi nito.

“Hindi ka na nga nakasama noong birthday ni Dexter hindi ka nanaman sasama ngayon?” inis na turan nito. Nangako kasi sya ditong sasamahan nya ito noong birthday ng barkada nitong si Dexter two weeks ago, pero dahil ginabi sya ng uwi sa sobrang hirap sumakay at traffic ay nakaligtan nya ito.

“I’m so tired lab alam mo namang napakalayo ng nilakad ko ngayon eh diba?’ aniyang tumabi dito at nilambing ang nobyo.

Umiwas ito ng tingin, “You promise.” Nakasimangot na ito at paniguradong away na nag kasunod kapag hindi nya pa ito pinagbigyan.

“Sige na Rem, sumama ka na nakasimangot na si lab o.” nakangising sabat ng ate niya. Nakasanayan na nito ang tawagan nilang mag nobyo ng lab pati nga mga kaibigan at kapatid ultimo mommy nya ay lab na rin ang tawag dito. She made face, ano pa nga bang magagawa nya?

She stood up “Okey sige, pero sandali lang tayo ha?” aniyang pumayag na din. “Nagkampiyan nanaman kayong dalawa.” Sita niya sa kapatid na ngingiti ngiti at kinindatan pa si Marc.

May inis na inilabas niya ang damit mula sa cabinet. Pumili ang may manggas na blouse na kulay itim at skirt na maong ipapareha doon. Hindi pa rin sya makapaniwalang hanggang ngayon ay hindi pa rin siya naiintindihan ng nobyo. Ilang beses niya na itong kinausap tungkol sa pagiging demading at seloso nito. Ang resulta? Wala. Napabuntonghininga siya, hanggang kailan naman kaya sila magiging ganito? They did even not trust each other especially when one of them goes out without the other.

Ilang beses na kasi nya itong nahuhuling may babae, at ilang text na rin nito ang nababasa niyang may ibang pakahulugan. Natural, heto nagpapaka – gaga pa din siya kasi nga mahal ng niya. Ilang beses na rin syang nabatukan ng kaibigan nya dahil daw sa katangahan niya. Eh ano naman ang magagawa nya? Magagalit siya ngayon sa nobyo bukas makalawa pag hingi nito ng tawad ay okey na ulit sila. Siguro nga tanga talaga ako. And she smiled stupidly.

Hay... timeout na sa kakaisip dahil malamang ay naiinip na sa paghihintay ang boyfriend nya. She tied her long and natural light brown hair back and retouches her make-up. Time to party!

Palabas palang sila ng bahay ay nasalubong na nila si Tere. Napataas ang kilay niyang tinignan ang nakatatandang kapatid.

“O, saan kayo pupunta?” tanong sa kanila nito bago humalik sa kapatid niya.

“Sa birthday ni Daniel.” Nakangiting sagot naman ng nobyo. Maaliwalas na ang mukha nito ngayon, hindi tulad kanina na sambakol.

“Ate Lex, ‘wag sa kwarto ha?” madiin na banta niya sa kapatid na pinanlakihan pa ito ng mata.

“Ang ano?” patay malisyang tanong nito sa kanya. Tinampal naman ito ni Tere.

“Hay naku Rem, wag kang mag-alala di ko papatulan kamanyakan ng ate mo ngayon, di ko feel.” Tumatawang sabat ni Tere na nakuha ang ibig nyang iparating. Tumawa din siya, kaya pala itinataboy siya nito ay dahil darating si Tere, ang ka-on nito for eight years already.

“Sige na, tsupi na!” tumatawang taboy pa nito sa kanila.

Nakatingiting umiling-iling nalang siya atsaka nagpatiuna. Oo, isang certified lesbian ang ate nya, so what? Ang mahalaga mahal sya nito at mahal din niya ito, hindi naman naging hadlang sa kanilang magkakapatid o kahit sa kanilang pamilya maging sa kanilang mga kaibigan kung ano ito. Tanggap ng buong pamilya ang pagkatao ng ate nya, ang hindi lang nila matanggap dito ay ang katamaran nito.

KUMAKALAM na ang sikmura ng makarating sila sa bahay nila Daniel, subalit alak naman agad ang inihain nito sa kanila.

“Baka naman gusto mo muna kaming pakainin Daniel?” pabiro nyang sabi rito.

“Oh sorry, di ba sinabi sayo ni Marc?” tumingin sya sa kasama.

“Sorry I forgot to tell you” hinging paumanhin ni Marc sa kanya. “Inuman lang ito.” Pagpapatuloy nito.

“Ganun?” she reacted, then smiles as if okay lang sa kanya, kahit ang totoo ay gustong gusto nya ng sapukin at walk-out-an ang mga ito. She still kept her calm. Drink the beer at pumapak ng pumapak ng pulutan. Kahit man lang doon ay mabawasan ang nararamdamang gutom.

Maya – maya pa ay naki – join na rin siya sa inuman ng mga ito, natanggal ang inis at nalibang sa mga kwentuhan ng mga kaibigan ng nobyo.

“Ano Marc akala ba namin ipakikilala mo si Lia sa amin?” biro ni Rex dito na medyo lasing na.

“Oo nga naman. Panay ang bida mo na napasagot mo na di mo naman maipakilala.” Untag pa ni George kaibigan din ng nobyo na nakalimutan yata na naroon siya. Isang nanunuring tingin ang ibinato nya sa nobyo, pero tila yata pati ito ay nakalimot na kasama siya nito.

“Next time nalang.” Tumatawa pa nitong sagot sa mga kaibigan.

“Daya mo talaga pare. Mas maganda siguro kung ipapakausap mo nalang kami sa kanya.” Udyok naman ni Dexter na kinuha ang cellphone ni Marc na nakapatong lang sa lamesa.

“Walang ganyanan.” Tumatawa pa nitong sabi na pilit kinukuha ang cellphone dito.

Habang nakikipa-agawan sa cellphone si Marc sa kaibigan ay nakita naman niyang naghahanap ng numero sa cellphone ng nobyo si Dexter. Ilang saglit pa ay inilapat nito sa tenga ang cellphone.

“Hello? Is this Lia?” tanong ni Dexter. Nasa ganoong posisyon ang kaibigan ng nobyo ng marahas siyang tumayo at hinablot mula sa kamay nito ang telepono sabay hakis niyon sa sahig. Tila naman doon lang natauhan ang mga kaibigan ng nobyo, lalo na si Marc na biglang namutla.

“Ang saya noh?” she said sarcastically. “Next time kung gagawa ka ng kalokohan be sure to tell your friends to keep their mouth shut!” may diin niyang sabi sabay hablot sa bag na nasa upuan at nag-walk out.

Hanggang ngayon ay paulit-ulit nalang palagi ang problema niya sa nobyo. Lagi nalamang tungkol sa ibang babae, ang pagiging seloso at demading nito, o di naman kaya ay tungkol sa pagiging insensitive nito sa feelings niya.

Hindi nga niya alam kung bakit hanggang ngayon ay nasa ganitong relasyon pa siya. Hindi naman siya pangit, maganda naman siya at matalino. Ano pa ba ang kulang sa kanya at nagagawa syang lokohin ng nobyo ng paulit-ulit?

Napabuntong hininga siya ng maalala ang mga sinabi ng kaibigan sa kanya. “Rem, kung ganda rin lang ang pag-uusapan wala ng masasabi pa sa iyo. Kung sa figure mo naman, naku kainggit-ingit, pero

kung magpapalit tayo ng itsura at katawan? Di bale nalang friend kung ganyan din ako magiging katanga.” Anito and made face.

Bigla nyang naisip na tumungo muna sa bahay ng kaibigan upang maglabas ng sama ng loob. Hindi niya kasi mapag-labasan ng sama ng loob ang kapatid dahil malamang na panigan nanaman nito si Marc, bagay na hindi nya maintindihan dito samantalang siya ang kapatid nito.

“O, saan ka galing?” gulat na bungad ni Au sa kanya na agad naman syang pinatuloy.

“Sa impyerno.” Inis nyang sagot sabay upo sa garden set.

“Luka luka!” anitong umupo rin sa katabing silya. “Ano ba nangyari sayo? Nag-away kayo ni Marc noh?” tanong nito na nahuhulaan na kung ano ang nangyari.

“Sinabi mo pa.” Lumabi sya. “Paano mo nahulaan?” wala sa sariling tanong niya rito.

“Ano ka ba naman paulit ulit lang naman ang problema mo, nagtaka ka pa?” Au said crossing her arms.

“Tell me what happened.”

Idinetalye nya ang lahat ng pangyayari sa kaibigan. Pati ang paghagis niya ng telepono ng nobyo. “Imagine Au? Hindi man lang nila ako nirespeto? Parang wala ako roon?” Inis pa niyang dagdag.

“Teka, eh ikaw ba sure ka na may Lia nga?” anitong tinutukoy ang babaeng sinasabi ng mga kaibigan ni Marc.

“It was obvious!” Do I still need to verify it?” Napataas ang tono niyang sagot.

“Hey, calm down. Look kung magpapadala ka sa temper mo dear ikaw lang ang talo. You now what you’ll look like? — A Big Looser.” Pagpapakalma nito sa kanya. “Here” anitong inaabot sa kanya ang sigarilyo. Kumuha naman siya ng isa at nagsindi. Hinithit iyon at marahas na ibinuga ang usok.

“Better?” tanong nito sa kanya, tumango siya. “Rem, nasa iyo naman ang solusyon eh, all that I can do to help you is to feed you some advices pero sa lahat ng advice ko sa iyo may pinakinggan ka na ba?” Sermon nito sa kanya.

“Kakainis ka naman eh. Nagpunta nga ako dito para maglabas ng sama ng loob tapos sesermonan mo pa ako.” Nakasimangot niyang sabi dito.

“Kasi naman girl hindi ka natatauhan. Kelan pa?” may diin ang bawat salitang binibitawan nito. “Okey okey, come to think of it, ilang beses na bang nangyayari sa inyo ang ganyan?”

“I know...” her eyes are getting teary.

“Gaano mo ba kamahal? Huwag mo ng pagbasehan ang tagal ng relationship nyo, iba yun, iba din yung talagang feelings mo.”

“Ewan. Enough na ba na kaya ko pa ring tagalan?” now her tears are really starting to fall.

Inagaw nito ang yosi na hawak nya at ito ang humithit. “Nakakaloka ka!” Anitong tila ba nanggigil sa kanya sabay buga ng usok. “Kung hindi mo tutulungan ang sarili mo girl, I can’t help you. Ikaw lang ang makakatulong sa sarili mo so think ok?” tumayo ito mula sa kinauupuan.

She look up to her “Saan ka pupunta? Nagdra-drama pa ako eh.” Nakasimangot niyang sabi.

“Itutuloy natin ang inuman, may beer ako sa ref kukunin ko lang. Tama na yang drama friend, sayang ang luha mo sa ganyang klaseng guy.” Anito atsaka tinungo ang pinto.

Malakas ang loob ng kaibigang mag-aya ng inuman dahil kahit naman kasi malasing siya ay kayang kaya siyang ihatid nito dahil nasa tapat lang naman ng tinitirahan nito ang bahay nila. Napangiti siya, her friend really never fails to make her smile kahit nasa kalagitnaan siya ng pagdra-drama.

Habit na yata niya ang lumapit dito masaya man siya o malungkot, problemado man o hindi. Ganun din naman ito sa kanya, pati nga ang kapatid niya ay ganun din dito kay Au, lapitan. And she never failed the both of them, she always comes up with a solution sa mga problems and gives advices.

Sa Kaniya

by foobarph on June 16, 2009

“**IVAN**, tara na!” sigaw ni Laive sa anak habang inaayos ang gamit nito papasok sa eskwelahan.

Nag-aaral ito sa isang public school malapit sa kanilang tinitirhan bilang isang grade six elementary student. Gaya ng dati, lagi muna itong nagdadasal sa tabi ng kaniyang kama pagkatapos magbihis.

“Bro, sana po, bumalik na si Papa at magsama na ulit sila ni Mama.” taimtim na dasal ni Ivan bago bumaba ng hagdanan saka agad na tinungo ang kanilang pintuan.

“Anak naman, lagi ka na lang ganiyan, h’wag mo naman pahirapan ang nanay. May trabaho pa ako eh.” may lambing na pakiusap ni Laive kay Ivan habang inaayos ang buhok nito.

“Mama naman, malapit na akong grumadweyt pero wala pa si Papa. San ba kasi siya nagpunta?”

Bumuntong hininga siya. “Anak, makinig ka. Hindi na babalik ang papa mo dahil may iba na siyang pamilya.”

“Eh sabi ni Lola, babalik din daw siya sa atin.”

“H’wag kang maniwala sa Lola mo. Sa akin ka makinig. At ang sabi ko, hindi na babalik ang papa mo.”

“Mama naman eh... Paano nga kung bumalik si papa, ano gagawin mo?”

“Kung sakaling mangyari yun, makakatikim siya ng isang malakas na sampal sa akin.”

“H’wag naman, kawawa naman si Papa.”

“Talagang kawawa siya dahil pati ang ‘ano’ niya, siguradong mababasag!” pananakot ni Laive habang nagtatanong ang makulit at matured niyang anak.

Pagkatapos maihatid ang anak sa eskwelehan, agad din siyang tumawag ng taxi upang makapasok sa opisina. Mga ilang minuto na lang ang nalalabi sa kaniya or else, male-late na siya sa kaniyang schedule. Importante pa naman ang araw na ito para sa kaniya dahil may presentation siya sa isang manufacturing company na nangangailangan ng serbisyo nila para sa pinapasukan niyang freight forwarder company.

“Saan po tayo mam?” magiliw na tanong ng driver habang hinihinaan ang volume ng radyo.

“Sa Ayala Avenue, Makati, PBC Tower.” agad niyang sagot pagkatapos na maipasok ang cellphone sa kaniyang bag. “Manong, medyo nagmamadali po ako, baka pwede pong bilisan?”

“No problema mam! Kapit lang po kayo.” sagot naman ng driver pagkatapos pindutin ang metro ng taxi saka pinaharurot ito papalayo sa eskwelahan ni Ivan. Pinalakas din ng konti ng driver ang radyo, tuloy, isang love song ang napakinggan niya.

“Mam, mas maganda po kung tawagan nyo po ang mga kasamahan ninyo at sabihing mahuhuli kayo ng labing-limang minuto. Medyo trapik po ayon dito sa SMS report namin.” ani ng driver bago nito ibinalik ang cellphone sa kaniyang dashboard.

Tumingin naman siya sa labas at kasalukuyan nilang binabaybay ang kahabaan ng Roxas Boulevard. “Sige, ako nang bahala.” aniya saka tinawagan ang mga kasamahan sa opisina.

Nagpatuloy sa koro ang kanta at napansin ng driver na tila nanlumo ang pagmumukha ng kaniyang pasahero. “Mam, ok lang po ba kayo?”

Tumango siya. “Oo naman, may naaalala lang.”

“Ano naman po yun?”

“Wala... kasi yang music mo, theme song namin yan ng asawa ko.”

“Ang sweet naman! Sigurado, nami-miss din po kayo nun!”

“Yung mokong na yun? Kahit pa siguro pumuti ang uwak, hindi mangyayari yun. At mali pala ako, hindi pala asawa, dating asawa pala.”

“Sorry...” pagpapaumanhin ng driver bago nito iniayos ang suot na sombrero saka dark shades nito. Itinuon nitong muli ang pagtingin sa daan at nagmaneho ng seryoso. Tinitingnan kasi siya nito habang nakikipag kwentuhan sa kaniya, feeling close.

“Ok lang. It’s all in the past.” tanging naisagot niya bago napunta sa katahimikan ang buo nilang byahe.

Pagdating sa kaniyang destinasyon, agad niyang binigay ang bayad sa driver at hindi na humingi ng sukli. Para sa kaniya, ang sukli niya ay ang magandang pakikisama nito sa kaniya habang nasa byahe sila.

MABILIS na natapos ang presentation niya dahil naiayos niya ng mabuti ang mga dapat niyang sasabihin. Maya-maya, lumapit sa kaniya si Hector, isa sa mga co-managers niya na ang pakay ay manligaw.

“Nice presentation Laive. Care for me to treat you for lunch?” agad nitong tanong sa kaniya kahit hindi pa niya naibaba ang kaniyang mga folders sa desk.

“No thanks Hector but I can manage.” sagot niya dito without even looking at him. Naiirita kasi siya sa pangungulit nito.

Oo, magkaibigan sila. Pero hindi porke naging close sila eh dapat bigyan niya ng ibang kahulugan ang mabuting pakikisama niya rito. Pakiramdam niya tuloy, sumisikip ang espasyo niya sa kanilang opisina dahil masyadong malambing at vocal itong si Hector sa kaniya.

“Ok, how about snack?”

“Hindi nga pwede. May sarili naman akong pera para—“ Pagkatingin sa kaniyang bag, agad niyang napansin na may nawawala sa kaniya, ang kaniyang pitaka! “No way...”

“What happened? May nawawala ba?” pag-aalala nitong tanong sa kaniya.

Sa lahat siguro ng mga lalakeng nakilala niya, si Hector ang mabilis makatunog sa pangangailangan ng ibang tao. Kahit hindi kasi magsalita ang taong kaharap nito, alam niya kung ano ang dapat gawin o sabihin. A perfect guy sana kaya lang, hindi pwede.

“So that means, sagot na kita this day. Don’t worry, hindi ako didikit ng sobra sayo. Just like the old times, ok?” sabay kindat sa kaniya saka nito inilahad ang kamay patungo sa kaniyang daraanan na parang isang waiter.

Napa-ismid na lamang siya saka siya ngumiti rito. “Oh well, may magagawa pa ba ako?” Pumayag na rin siya tatal, matagal-tagal na rin siyang walang nakaka kwentuhan sa opisina. Besides, she can still resist Hector’s charm kahit na sobrang atat ito sa kaniya.

SA pantry area ng kanilang building...

“So how’s Ivan?” pambungad na tanong ni Hector sa kaniya habang kumakain sila ng tanghalian. Pinili nito ang lugar kung saan mas kaunti ang tao upang magkausap sila ng seryoso.

“He’s fine. As usual, lalong kumukulit.” aniya bago sinimulan ang pagkain.

“That’s good. I’m sure, lagi pa rin niyang hinahanap ang missing father niya.”

“Oo nga. Kanina lang, bumanat na naman ng sandamukal na tanong. Nahihirapan na rin ako minsan but what can I do?” aniya bago bumuntong hininga sa harapan ng kausap.

Hinawakan ni Hector ang kaniyang pisngi bago nagsalita. “Kung tinanggap mo na lang sana ang aking alok, hindi ka sana nahihirapan ng ganiyan.”

Umiwas siya ng tingin dito. Alam niya kasi ang kakaibang charm ng lalake sa tuwing may gusto itong makuha sa isang tao. “Hector, hindi pa ako handa. Besides, I’m not even good for you.”

“Well, who’s good with who? Nobody’s perfect Laive and what I’m offering you is my imperfection.” anito saka hinawakan ang kaniyang mga kamay.

Kung ikukumpara sa kaniyang dating asawa, mas malambing ito kaysa kaninumang lalakeng nakilala niya. Kung dalaga pa siya at walang anak, marahil, sinagot na niya ito. Pero nasa gitna siya ng isang sitwasyong magulo, komplikado at tila wala nang kinabukasan. Kung bakit naman kasi hinayaan pa niyang mawala ang dating kabiyak, hindi sana nagkakaganito ang buhay nilang mag-ina.

“Pag-iisipan ko Hector. After all, I’m tired na rin. But I can’t promise anything.” tanging naisagot niya sa alok nito.

Aaminin niya, may kaunting spark siyang nararamdaman para sa lalake pero hindi pa ganap iyon. Kung kinakailangan muna niyang masunog hanggang sa maging abo bago ma-realize ang totoo niyang nararamdaman para dito, gagawin niya. Ayaw niyang magmadali at maulit muli ang nagawang niyang pagkakamali sa dating asawa na nang-iwan sa kaniya.

“No questions ask, I will wait. Now, tapusin na natin ito para makabalik sa trabaho.” sabay ngiti sa kaniya.

“Thanks.”

NATAPOS ang kanilang trabaho sa opisina at mapayapa ring narating ni Laive ang kanilang bahay. Papasok na sana siya sa kanilang pinto ng marinig niya ang kaniyang anak na may kinakausap na tao. Hindi muna siya pumasok, sa halip ay nakinig muna siya sa usapan nila.

“Hindi po ba kayo nahihirapan sa pagmamaneho? Diba, delikado yun?” tanong ni Ivan sa lalakeng nakaupo sa kanilang sofa habang umiinom ng tubig. Nakangiti ito sa bata at halatang nakahanda na rin itong umalis anumang oras.

“Hindi naman. Masaya nga magmaneho, marami kang nakikilala.” Ito ang taxi driver na naghatid sa kaniya papunta sa office kanina. Pero paano ito nakapunta sa kanila? Agad siyang pumasok at binati ang dalawa.

“Ivan, anak, nandito na si Mama.” masayang bati ni Laive sa anak bago niya ito hinalikan sa labi. “Manong, salamat po at—“

“Laive...” mahinang bulong ng taxi driver bago nito tinanggal ang sombrero. Lumantad ang isang lalake na pamilyar sa kaniya. Ito si Emil, ang dati niyang asawa na nang-iwan sa kanila. Bitbit nito ang kaniyang wallet na naiwan niya sa taxi nito kanina.

“I—Ikaw! Bakit ka nagbalik!?” aniya bago hinila si Ivan papalapit sa kaniya.

“Mama, kilala mo siya?” agad na tanong sa kaniya ng anak saka ito tumingin sa kaniya.

Magsasalita pa sana si Emil ngunit pinigilan niya ito. “Manong driver, sige po, salamat na lang po at makaka-alis na kayo. Akin na yang wallet ko at eto ang reward sa kabutihan ninyo.” aniya bago hinablot ang kaniyang wallet na hawak ni Emil saka binigyan ito ng isanglibong piso.

“Mama, you’re so rude!” himutok ni Ivan bago lumapit palapit kay Emil at nagtago sa likuran nito. “Sorry manong driver ha, pero yang si Mama kasi, ang bilis magalit simula ng iniwan kami ni Papa.”

Napatingin si Emil kay Ivan. Pakiramdam niya, nakita niya ang kaniyang pagkabata rito. May pagkakahawig kasi sila ng mata— kulay abo na may pagkabughaw ng kaunti. “Ganun ba...”

Huminga muna ng malalim si Laive. Ayaw niyang makahalata si Ivan na ang lalakeng kaharap niya ay si Emil, ang dati niyang asawa— at papa ni Ivan. “Pasensiya na, nabigla lang ako.”

“Kitams! Sabi ko sayo, mabait mommy ko eh.” ani Ivan.

Tumingin si Laive kay Ivan bago ito nagsalita. “Ivan, anak, pakikuha mo nga kami ng tubig, may pag-uusapan lang kami sandali.”

“Sige po mama.” anito bago tumalima sa utos ng ina.

Naiwan tuloy silang dalawa ni Emil sa sala. Pareho silang nagtititigan sa isa’t isa. Gusto niyang magalit sa ginawa nito ngunit hindi niya magawa ng kaharap si Ivan. Marahil, hindi niya rin kaya dahil mahal pa rin niya ito. Ngayon, mas lalo siyang naguguluhan sa nangyari.

“**LAIVE...** I’ m...” panimula ni Emil.

“Don’t even think about it Emil or else, padudugin ko yang ilong mo.” Singit naman niya kahit hindi pa ito tapos magsalita.

“What do you want me to do?”

“Just leave and I don’t want to see your face again Emil. Tapos na tayo. Natapos na tayo simula ng iwan mo kaming mag-ina!”

“I know. But I only want to see my son.”

“No! He’s not your son! Damn it Emil, you’re making things complicated. Maayos na kami, hwa’g ka ng sumali, ok?”

“Is this what you really want?” pakiusap ni Emil.

Lalapit sana ito upang yakapin siya ngunit mabilis siyang tumayo at kinuha ang malapit na remote control ng TV saka tinutok sa kaniya. “Don’t even think about it!”

Tinitigan lamang siya ni Emil saka ito ngumiti sa kaniya. “Di ka pa rin nagbabago Laive. Mahal mo pa rin ako.”

“A—anong mahal!? Hindi na no!” aniya bago tiningnan ang hawak. Pusa, di naman nakakamatay ang remote control ng TV. Dapat kutsilyo ang hawak niya at hindi ito! Nakakainis! Nawawala ang pose

niya ng makita si Emil. Mas lalo pang nawindang ang utak niya ng makita ang lalakeng ayaw niyang makita.

Mabilis na lumapit si Emil saka tinabig ang kamay niya. Hinagkan siya nito sa labi na para bang kaytagal nilang hindi uminom ng tubig. Ramdam niya ang bawat paggalaw ng mga dila ni Emil sa loob ng kaniyang bibig. Gustuhin man niya na tadyakan ang sandata nito ay hindi naman niya magawa dahil mismo ang kaniyang katawan na rin ang tumugon sa mga mapupusok na halik nito.

Nakapikit pa rin siya pagkatapos kumalas ni Emil sa paghalik sa kaniya. Pakiramdam niya, siya ang natalo sa pagtutuos nilang iyon. Bakit ba kasi sinagot niya ang halik na iyon! Dapat ay binanatan na lamang niya ito para matapos na nang tuluyan ang kaligayahan nito.

“See, I know you still love me.”

“No! Init lang yan Emil. Bumalik ka na sa babae mo!”

“I can’t...”

“Anong you can’t!? Diba patay na patay ka dun?”

“She’s in love with another guy. At alam ko yun kahit bago pa ako sumama sa kaniya para iwan kayong mag-ina. I’m just taking my chances right now.”

“Sorry Emil but I’m tired.” Aniya bago niya binuksan ang pintuan. Sinenyasan niya ito na lumabas na.

Huminga lamang ng malalim si Emil bago ito sumunod sa kaniya. Tinitigan muna siya nito mula ulo hanggang paa saka muling nagsalita. “As always, you’re still the old Laive that I love. But this time, I think it’s really goodbye...”

Umalis si Emil sakay ng kaniyang minamanehong taxi at kahit gusto niya itong ihatid ng tingin habang lumalayo ito sa kanila ay hindi niya magawa. Aaminin niya, mahal pa rin niya si Emil ngunit masyadong magulo ang isip niya.

Pagkasara niya ng pintuan ay hindi niya namalayan na basa na pala kaniyang mga mata. Nabasa ito ng kaniyang mga luha. Luha na inilaan lamang niya para kay Emil. Mga luha na patuloy na aagos para sa kaniya.

Kasabay nito ay narinig niya ang pagbagsak ng mga baso sa kaniyang likuran. Nabitawan ito ni Ivan at hindi pa rin ito natitinag sa pagkakatayo sa kaniyang likuran. Narinig nito ang kanilang buong pag-uusap. At gaya niya, umiiyak din ito. Marahil, mas labis pa kaysa sa mga pag-agos ng kaniyang luha.

“Pa—Papa...” tanging nasambit ni Ivan bago ito bumagsak sa sahig kasama ng mga bubog mula sa mga basong nabasag nito. Nawalan ito ng malay tao at unti-unti ay nahihirapan itong huminga.

Bakasyon (A Halloween Special)*by Yesha on October 31, 2009*

Semestral break – ang sa tuwina ay hinihintay ng bawat mag – aaral sa kolehiyo. Maraming plano si Esmeralda para sa sembreak ng taong iyon. Ibig niyang umuwi sa kanilang probinsiya upang madalaw ang puntod ng kaniyang Lola Simang pero hindi iyon naganap dahil sa isang misyon. Sa huli ay ibang puntod ang napuntahan niya. Ang nakapagtataka ay ang pangalang nakaukit sa harap ng puntod na iyon-

ESMERALDA ROSARIO

March 12, 1990 – October 31, 2009

R.I.P.

“ESMERALDA, sigurado ka bang uuwi ka sa probinsiya ngayong sembreak?”

Napatingin siya sa ama habang kumakain. Kaharap niya ang buong pamilya sa mahabang mesa na iyon.

“Dad, hindi maaaring hindi po ako umuwi dahil apat na taon ko nang hindi nadadalaw si Lola Simang. Gusto ko rin po sanang makita si Lolo kaya payagan niyo na akong umuwi.”

*“Siya nga naman, daddy. Hindi nga naman nakasamang umuwi sa probinsiya si Esme mula nang tumuntong iyan ng kolehiyo. Hayaan mo na ang bata.”*Sang – ayon naman ng kaniyang ina.

“Buweno, kung buo na ang pasya mo at maayos naman ang pag – aaral mo, sige, maghanda ka sa pag – uwi sa Bohol. Pero hindi kita masasamahan anak. Alam mo naman ang rayuma ko, malimit nang sumumpong nitong mga huling araw.”

“Hindi bale, dad. Naiintindihan ko naman po na sa side ni mama tayo dapat ngayong undas pero talagang nami-miss ko na po ang Bohol.”

Isang simpleng ngiti ang iginawad ng ama sa sinabi niya at batid niyang ngiti iyon ng pang – unawa. Masigla niyang itinuloy ang pagkain.

“ESME, bakit ngayon ka lang? Nagpamigay na ng classcard si Sir Cruz kanina.”

“Huh? ‘Diba two ang sabi niya? Past one pa lang ah.” Nakatingin pa siya sa sariling relo upang bigyan ng diin ang kaniyang sinabi. Usapan nilang magkakaibigan na magkikita – kita sa gate ng *university* ng eksaktong ala una y media kaya laking gulat niya na tapos na pala ang bigayan ng *card*.

*“Oo nga pero alam mo naman ang propesor na iyon ‘diba. Dumating siya ng maaga at ipinamigay ang classcards ng lahat ng nasa attendance ni Clay.”*ani Tam.

“Paano na iyan? Nasa faculty kaya siya? Kailangan kong makuha ang card ko. Maaga akong uuwi ng Bohol bukas. Paano kung hindi na kami magkita kung maisipan niyang magbakasyon? Enrollment na next week diba.” Nag – aalalang wika niya.

*“Oo nga. Subukan nating tingnan. Sana ay naroon pa si Sir para abutan mo.”*Tugon naman ni Khriz.

“Sige, unahin na natin ang classcard mo bago ang classcard kay Sir Antonio. Madali namang kausap si Sir Antonio hindi gaya ni Sir Cruz.” Ayon naman ni Marge na ang kasalukuyang inaayos ang sintas ng sapatos nito.

Sabay – sabay nilang tinungo ang *faculty room* upang puntahan si Mr. Cruz.

HINDI nila natagpuan sa *faculty room* ang propesor, bagkus ay itinuro sa kanila ng *student assistant* nito na si Glo na puntahan ito sa Science Room. Hindi niya agad naialis ang tingin sa estudyanteng nagtatrabaho kay Mr. Cruz bilang *assistant*. Mahaba ang buhok nito na hanggang baywang at ang maliit na mukha ay natatabingan ng ilang hibla niyon. Alam niyang sa likod ng makapal nitong salamin ay ang magandang pares ng mga mata nito subalit hindi niya iyon tuluyang maaninag.

Nagtataka siya kung paanong nakatatagal sa propesor ang isang gaya ni Glo na tila hindi marunong man lamang magalit sa tao. Si Mr. Cruz na yata ang pinaka – weirdo at pinakamahirap ispelengin na guro sa kolehiyong pinapasukan. Walang *graduating student* na hindi dumaan sa mga kamay nito at sinumang tanungin ay ang pagkakaroon ng hindi magandang ugali ang deskripsiyong ibibigay ng mga ito sa nasabing guro.

Boses ni Tam ang nagpabalik sa isip niya sa kasalukuyan. Iginiya na siya nito palayo sa lugar na iyon habang malungkot na nakamasid sa kanilang paglisan ang *assistant* ni Mr. Cruz.

“WALA na akong magagawa. *That’s final.*” Laglag ang balikat na napaupo siya sa *stool* na nasa harap ng propesor. Nasa Science Room nga si Mr. Cruz gaya ng sabi ni Glo. Nagulat pa sila nang hindi pa kumakatok sa pinto ay bumukas na ito at iniluwa noon ang matandang guro. Hinihintay ba sila nito?

“Pero sir, naipasa ko naman ang lahat ng requirements. Nasa dean’s list po ako kaya nakapagtataka ang grade na ito. I can accept 3 but 5? For Pete’s sake, my dad will kill me.” Nanginginig ang tuhod niya habang mahigpit na hawak ang *classcard* na may markang pulang tinta ng *ballpen* at nakasaad ang *grade* nakuha niya para sa *subject* na iyon.

“Ano ang ibig mong sabihin Rosario? Kinukuwestiyon mo ba ang grading system ko?” nakaasik na tanong nito. May suot din itong antipara gaya ni Glo pero kumpara sa suot ng estudyante, may tali iyon na magkasugpong sa likurang bahagi ng ulo nito. Puting – puti ang *laboratory gown* na suot nito at tila ito *scientist* na nag – eeksperimento ng kung ano sa maliit na kuwartong iyon.

Sa kabila ng pagkabalisa at pag – aalala ay hindi niya maiwasang libutin ng tingin ang kabuuan ng Science Room na iyon. Madilim ang paligid at isang dilaw na bumbilya lamang ang nagsasabog ng liwanang sa pinakagitnang bahagi ng kuwarto. Halos alas dos lang at tirik na tirik ang araw sa labas

subalit walang anumang liwanag na naglalagos sa loob ng silid na iyon. Nang tingalain niya ang mga bintana ay nabatid niya ang dahilan; nababalot ng mga pinturadong itim na diyaryo ang buong paligid. Tila hindi akmang Science Room ang itawag sa lugar na iyon, mas bagay itong tawaging *dark room*.

Naalala niya ang Lola Simang niya na tila si Lola Basyang kung magkuwento noong panahong bata pa silang magkakapatid. Sa naisip ay bigla siyang napalingon sa propesor.

“Sir, maawa naman kayo. Hindi ko maaaring iuwi ang card na ito. Magagalit ang daddy ko at tiyak na hindi na ako makakauwi ng Bohol dahil dito. Please sir, kailangan kong umuwi sa amin.”

Hindi siya pinansin ni Mr. Cruz. Maging ang tatlong kasama ay halinhinang nakiusap rito pero tila buo na ang pasya nito na ibagsak silang apat. Labis na nakapagtataka dahil sila ang grupong binubuo ng matitinong estudyante. Nanginig ang kalamnan niya sa pagpipigil na maiyak. Paano niyang ihaharap ang *grade* na iyon sa mga magulang? Paano na ang plano niyang umuwi ng Bohol? Masamang – masama ang loob niya habang hindi makapaniwalang nakamasid sa maliit na papel na iyon.

Tumayo siya nang alalayan ni Khriz. Lulugu – lugong tinungo nila ang pinto palabas at halos ay pipihitin na lang niya ang *door knob* ng pinto nang marinig ang tinig ng guro.

“Pagbibigyan ko kayong pumasa sa isang kondisyon...” sabay – sabay silang napalingon dito. Punung – puno ng pag – asam ang kanilang mga mata na nakatutok dito.

“I’ll change your grades from 5 to INC if you’ll be willing to accomplish a very important mission.” Dugtong nito sa sinabi.

Nagkatinginan silang apat. Walang sinuman ang nakaimik sa sinabi ni Mr. Cruz. Tila anumang sasabihin nito ay may kaakibat na panganib. Dumoble ang kabang nararamdaman niya nang lumapit ito tumapat sa kaniya. Inalis nito ang antiparang suot saka matamang tumitig sa kaniya. Ilang saglit din nitong ginawa iyon na tila ba sinusuri ang mukha niya at matapos ay lumingon sa tatlo niyang kasama.

“Pupunta kayo sa lugar na sasabihin ko at mananatili roon ng dalawang araw upang isagawa ang isang napakalaking misyong ibibigay ko sa inyo. Papalitan ko ng uno ang mga INC cards ninyo matapos ninyong gawin ang kondisyon ko.”

Tila nalaglag ang panga niya sa narinig. Paano na ang plano niyang umuwi ng Bohol upang dalawin ang abuwelang pumanaw?

My Immortal*by foobarph on November 1, 2009*

Ayon sa kautusan, ang mga mortal ay dapat nabubuhay sa mundo ng mga mortal, ang mga immortal naman ay sa mundo ng immortal. Ngunit anong magagawa ng kautusan sa dalawang nilalang na kapwa pinaglaruan ng tadhana na mahulog ang loob sa isa't-isa? Mga nilalang na hindi dapat mahalin ang isa't-isa dahil ang isa ay immortal at ang isa naman ay hindi.

“KRIZZY! Tigilan mo na nga yan! Baka mahulog ka diyan sa puno eh kataas-taas pa naman niyan!” sigaw ni Clay habang pilit na inaabot ang makulit na batang si Krizzy.

Bughaw ang mga mata ni Krizzy at ang mga labi nito ay gaya ng sa mga mamahaling mansanas. Kakaiba rin ang kulay ng kaniyang balat dahil tila kumikinang ang mga ito kapag nasisinagan ng araw. Maya-maya lang ay nagpatuloy sa pag-akyat sa puno si Krizzy.

“Ate Clay! Mamaya na! Hindi ako babagsak dahil magaling ata akong—“

Napatili si Clay dahil dumulas ang mga paa ni Krizzy habang umaakyat ito sa pinakahuling bahagi ng puno. Dumulas muli ang ikalawang paa ni Krizzy! Mabuti na lang at nakahawak siya sa sanga nito!

“Krizzy! Nako po Dios ko! Anong gagawin ko! Tu—tulong! Ang alaga ko! Mahuhulog!” tarantang sigaw ni Clay habang pinagmamasdan ang kaawa-awang kalagayan ni Krizzy.

“A—ate Clay—Hi—hindi ko na kaya! Mahu—hulog na—“

Tuluyang nakabitaw si Krizzy sa sanga at ang tanging nagawa lamang ni Clay ay pumikit upang hindi masaksihan ang pagbagsak ng kaniyang alaga. Habang mabilis siyang bumababa sa lupa ay may narinig siyang tinig.

“Krizzy—gumising ka!”

“Si—sino ka!?”

“Ako? Ikaw ay ako at ako’y ikaw.”

“Hi—hindi kita maintindihan. Sino ka?”

Mabilis ang mga pangyayari dahil may isang lalake na biglang sumulpot sa kawalan at sinalo ang mabilis na pagbagsak ni Krizzy sa lupa. Pagbukas ng mga mata ni Clay ay nagtatalon ito sa tuwa dahil ligtas na ang kaniyang alaga. Pero sino ang lalakeng biglang nagligtas kay Krizzy at papaano niya ito iniligtas?

“Ok ka lang bata?” tanong ng lalake kay Krizzy habang bitbit pa rin siya nito. May kalakihan ang katawan nito at hindi rin katandaan ang pagmumukha nito. Pakiramdam ni Krizzy ay kuya-kuyahan niya lang ito.

“Bi—bitawan mo ako!”

Binitawan nga siya ng lalake kung kaya't tuluyan siyang bumagsak sa lupa. Napa-aray naman siya sa sakit. Inayos niya ang sarili pagkatapos ay sinungitan niya ito.

“Sa susunod, ayusin mo ang pagsalo sa akin! Hinipuan mo ako no!?”

“I—ikaw? Hihipuan ko? Hindi na uy. At kahit gawin ko yun, wala naman akong makakapa dahil maliit yang mga yan oh.” sabay turo sa mala-pandesal niyang dibdib.

“Aba at talagang—”

“Hep hep!” awat ni Clay. “Krizzy, magpasalamat ka na lang at iniligtas ka niya. At ikaw naman lalake, maging gentleman ka naman, pwede?”

“Wala akong ginagawang masama. Ako na nga itong muntik masaktan, ako pa ata ang agrabyado dito.”

“Krizzy—” nagsisimula na ang pagtataray ni Clay sa kaniyang alaga.

“Bakit Ate Clay?” tanong naman ni Krizzy bago ito tumalikod sa lalake.

“Mag sorry ka na sa kaniya at magpasalamat.”

“A—yo—ko!”

“Ayaw mo?”

“Ayaw.”

“Sige, pag hindi mo sinunod ang sinabi ko, sasabihin ko sa Papa mo ang pangyayaring ito. At pag nalaman niya ito, tiyak, grounded ka na forever dahil sa kakulitan mo.”

“Ate Clay naman...”

“Seryoso ako. Ngayon, gagawin mo ba ang sinabi ko o hindi?”

Napabuntong-hininga naman siya. Wala siyang pagpipilian kung hindi sundin ang kaniyang Ate Clay na simula pa pagkabata ay naging kasangga niya sa lahat ng bagay. Lumingon siya sa lalake bago siya nagbaba ng ulo bilang tanda ng kabutihang loob. “Maraming salamat po sa pagligtas sa akin at pasensiya ka na sa inasal ko.”

Napangiti naman si Clay sa ginawa ni Krizzy. Ang lalake naman ay lumapit kay Krizzy bago nito ginulo ang buhok nito saka ngumisi. “Mabait ka rin naman pala bata.”

“I—ikaw... Kanina pa talaga ako naasar! Hindi na ako bata!” sigaw ni Krizzy bago nito tinadyakan ang lalake. Kumaripas naman siya ng takbo pabalik ng mansiyon kahit hindi nito kasama si Clay.

“Naku mister, ok ka lang ba? Pasensiya ka na sa alaga ko ha, sobrang pilya at likot kasi niyan!”

“O—ok lang. Siya ba ang nag-iisang anak ni Don Lou?”

“Oo, bakit mo naitanong?”

“Wala naman. Basta tingnan mo lang siya ng mabuti, alam mo naman kung gaano ka importante ang pamilya nila sa bayan natin. Mabuti na lang at hindi siya napilayan.”

“Oo nga eh. Pero teka, ano bang pangalan mo mister?”

“Klein.”

“Saan ka nakatira Klein? Baka pwede kang sumama sa amin, sasabihin ko sa Papa ni Krizzy ang ginawa mong pagligtas sa kaniya. Sigurado ako, mas gagaan ang buhay mo.”

“Dito lang ako nakatira Clay at hindi ako pwedeng umalis dito. Sige na, sundan mo na ang makulit mong alaga. Sigurado akong nagugutom na yun.”

Ngumiti lamang si Clay sa sinabi ni Klein. Sigurado ito, kung magkakasundo si Krizzy at si Klein, makakahanap ng kapalit si Krizzy sa pagkawala ng kaniyang matalik na kaibigan na si Dugz.

KINABUKASAN, bumalik ng mag-isa sa kagubatan si Krizzy si Klein upang personal na makausap ito. Kakausapin niya ito dahil kailangan niyang makabawi sa pang-aasar na ginawa nito sa kaniya. Ayaw na ayaw kasi niyang tinatawag siyang bata dahil hindi na siya bata! Malaki na siya!

“Hoy Klein! Kung nasaan ka man, lumabas ka diyan! Hindi na ako bata!”

Maya-maya lang ay may isang anino na lumabas sa likod ng puno na malapit sa kaniya. Pagkalingon niya ay nakilala niya ito. Ito si Klein, ang lalakeng nagligtas sa kaniya mula sa pagkahulog kagabi.

“Ang ingay mo, alam mo ba yun?”

Ininguso niya ang kaniyang labi. “Ewan ko sayo. Teka, bakit ba ang hilig mo akong asarin ah? Saka para kang bula, bigla ka na lang sumulpot kahapon. Sino ka ba?”

“Gusto mo ba talagang malaman?”

“Pwede ba?”

Bigla ay hinila siya ni Klein bago sila pumunta sa punong inakyat niya kahapon. Mabilis na naka-akyat si Klein sa tuktok nito. Maya-maya lang ay naghagis ito ng lubid mula sa itaas—pero bakit?

“Gamitin mo ito para maka-akyat ka dito Krizzy!”

Napatanga na lang siya sa ginawa nito. Matalino rin pala ang matsing! “Sige! Hintayin mo lang ako diyan! Kayang-kaya ko na to!”

PAGKALIPAS ng ilang minutong pag-akyat ni Krizzy gamit ang lubid na inihagis ni Klein mula sa itaas ng puno...

“Oh bakit parang hinihinal ka?” pang-aasar nito habang pinagmamasdan si Krizzy na halos hanggang ulo na ang paghinga dahil sa sobrang hingal.

Pilit namang kinakalma ni Krizzy ang kaniyang sarili ngunit napagod talaga siya, ayaw niya lang aminin kay Klein. “A—ako!? Hi—hindi! O—ok lang a—ko!”

“Magpahinga na nga muna tayo, nakakatawa ka talagang bata ka.” ani Klein bago ito humalakhak ng malakas. Kahit kailan talaga, ayaw aminin ng babaeng ito ang kaniyang kahinaan sa harap ng tao.

Pagkatapos ng ilang minutong pagpapahinga, siya na mismo ang pumutol ng katahimikan na namamagitan sa kanilang dalawa. “Klein...”

“Bakit?”

“May alam ka ba na hindi ko alam? Alam mo kasi, habang nahuhulog ako sa puno kahapon, parang may narinig akong boses na parang kinakausap ako.”

“Tapos?”

“Tapos... yun! Akala ko, katapusan ko na kasi mataas ang pinagbagsakan ko. Pero bigla kang dumating at iniligtas mo ako.”

“Nakapikit ka kaya nung bumagsak ka. Natakot ka ba?”

“Oo naman! Pero parang kakaiba nga eh. Alam mo kasi, may bestfriend ako, lagi kaming umaakyat ng puno nung mga bata pa kami. Ang galing-galing nga niyang umakyat eh. Siguro pangalawang beses ko pa lang na naka-akyat dito. Yun una, siyempre naka-akyat ako dahil tinulungan niya ako. Ngayon naman, naka-akyat ako dahil nandito ka.”

“Nasaan na ang bestfriend mo?”

“Sa totoo lang, hindi ko rin alam. Bigla na lang kasi siyang nawala. Hindi ko lang alam kung bakit kasi hindi ko matandaan.”

Ngumiti lamang si Klein bago nito hinawakan ang kaniyang pisngi. “Alam mo bang kahit mas bata kang tingnan sa akin, pakiramdam ko isa ka ng ganap na babae.”

“Binobola mo lang ako.”

“Hindi no. Alam mo ba kung bakit kitang tinatawag na bata?”

Sinuntok niya ng mahina sa braso si Klein bago niya ito tinanong. “Oo nga naman, bakit ba?”

“Kasi—bata ka talaga! At makulit pa!”

“Naku Klein! Ikaw talaga! Ang hilig mong mang-asar!”

Bigla ay naging seryoso ang tono ng pananalita ni Klein. “Pero alam mo Krizzy, may ipagtatapat ako sayo.”

“At ano naman yun?”

“Pakiramdam ko talaga, matagal na kitang kakilala. Parang nakilala na kita nuon, hindi ko lang matandaan kung saan ang eksaktong lugar at kailan.”

“Ganun ka rin?”

“Oo.”

“Siguro nga, kasi ganun din ako eh.”

PAGKARAAN pa ng ilang minuto ay agad nilang nasilayan ang araw na muling bumabalik sa himlayan nito. Mag-ga-gabi na at kinakailangan na rin nilang bumaba.

“Baba na tayo Klein, mag-ga-gabi na.” si Krizzy.

“Sige. Pero may itatanong ako sayo, huli na to.”

“Sige, itanong mo lang.”

Huminga ng malalim si Klein bago ito tumitig ng seryoso kay Krizzy. “Kung mahuhulog ba ako dito, sasaluhin mo ba ako?”

“Oo naman! Pero paano ko naman gagawin iyon, wala naman akong pakpak no!”

“Ganun ba...”

“Hoy Klein, wag ka ngang magbiro ng ganiyan, tara na at—“

Walang pasabi na nagpatihulog mula sa itaas ng puno si Klein. Kusa ring gumalaw ang katawan ni Krizzy at sinundan niya ito. Ngayon, pareho silang nag-uunahan sa pagbagsak sa lupa. Kasabay nito ay ang paghaplos ng sinag ng araw sa katawan ni Krizzy. Sinag ng araw na tila nagpapaalam sa likod ng kabundukan.

Ngumiti lamang si Klein habang pinagmamasdan si Krizzy. Nakapikit pa rin ito at tila hindi na nito alam ang mga sunod na pangyayari. Pagmulat ng mata ni Krizzy ay hindi ito makapaniwala dahil pareho na silang lumulutang sa hangin.

“Ok ka lang Krizzy?” malumanay na sabi ni Klein habang nakatitig ito sa babae. Bumalik na rin ang mga alaala ni Klein pagkatapos siyang saluhin ni Krizzy. Napangiti na lamang si Klein sa nangyari dahil sa pagkakataong ito, si Krizzy ang nagligtas sa kaniya.

Lumignon naman sa paligid si Krizzy. Maski siya ay hindi rin makapaniwala sa nangyari. Lumilipad sila! At nakalipad siya dahil may pakpak siya na katulad sa isang anghel! Pero paano nangyari iyon gayong isa lamang siyang ordinaryong tao?

“A—anong nangyayari?” tanong ni Krizzy.

“Krizzy, makinig ka. Hindi ka kabilang sa mundong ito dahil isa kang immortal. Kung nagugutom o nasasaktan ka man ng bahagya, iyon ay dahil natutulog pa ang iyong kapangyarihan noon. Ngunit ngayon, tuluyan nang nagising ang iyong diwa tungkol sa bagay na ito.”

Lumapag sila sa lupa. Hinahaplos ni Krizzy ang kaniyang pakpak at hindi pa rin siya lubos na makapaniwala sa sinabi ni Klein. Pakiramdam niya ay mas marami pa itong alam kaysa sa kaniya.

“Pero bakit? Bakit mo alam ang mga ito? Si—sino ka bang talaga Klein?”

“Hindi mo na ba talaga natatandaan Krizzy?”

“Hi—hindi! Kaya nga tinatanong kita!”

Ngumiti naman si Klein bago nito hinawakan ang mga palad ni Krizzy. “Ito ang mismong araw na namatay ako. Umakyat tayo sa punong ito pero nahulog ako. Sinubukan mo akong sagipin pero hindi mo nagawa dahil nahuli ang paglabas ng iyong pakpak. Sa sobrang kalungkutan mo, kusang nagsara ang iyong kapangyarihan kung kaya’t naging mabagal ang pagtanda mo pagdating sa pisikal na kaanyuan. Pati ang memorya mo tungkol sa pangyayaring iyon ay kusa ring nagsara.”

“Ikaw!?! Patay na? Paano nangyari yun!?”

“Simple lang, dahil si Dugz na iyong matalik na kaibigan at ako ay iisa. Tumanda na ako dito sa kagubatan kung kaya’t hindi na rin ako masyadong namumukhaan ni Clay.”

“Pero sabi mo patay ka na! Paano ka pang tatanda?”

“Hindi ko rin alam. Siguro, hindi ako makatawid sa kabilang buhay dahil may pumipigil sa akin. At ikaw yun—dahil hindi mo matanggap ang aking kamatayan.”

Sinubukan niyang yakapin si Klein ngunit lumusot lamang siya sa katawan nito. “Klein! Anong nangyayari! Nailigtas naman kita diba!? Ba—bakit hindi kita mahawakan!? Bakit hindi kita mayakap?”

“Oras na malaman mo ang totoo, babalik na sa kawalan ang aking anyo. Malungkot ka pa rin ba kahit nalaman mo na ang totoo?”

Nakapalumbaba siya habang humihibik. “Oo naman! A—ano ang dapat kong gawin upang maibalik ka sa dati!?”

“Hindi mo na ako maibabalik sa dati dahil nga matagal na akong wala. Hiram lang ang mga sandaling panahon na muli tayong nagkasama. Pasensiya ka na kung inaasar pa kita nuon.”

“Tanga ka! Dapat hindi ka na lang nagpatihulog! Dapat hindi mo na lang sinabi sa akin!”

Ngumiti lamang si Klein. “Bilang si Dugz o Klein, hindi ako maaaring maglihim habang-buhay sa minamahal ko. Nalulungkot lang ako at hanggang dito na lang talaga ako.”

“Ga—gagawa ako ng paraan! Sigurado akong may paraan!”

Lumapit si Klein kay Krizzy. Kahit na tumatagos ang kamay niya sa pisngi nito ay pilit pa rin nitong hinahaplos iyon. “Ok lang Krizzy. Ayoko lang na maging malungkot ka pagkatapos nito. Isa kang immortal, hindi ka mamamatay. Samantalang ako, kailangan ko ng umalis at pumunta sa kabilang daigdig.”

“Pe—pero—“

“Krizzy... ipangako mo sa akin na magiging masaya ka na ngayon. Ito lang ang alam kong paraan upang mawala ang kalungkutan mo. Tiyak ko, matutuwa si Clay at ang iyong Papa kapag nalaman nilang bumalik na ang iyong kapangyarihan.”

“Ba—bakit mo naman nasabi!? Alam ba nila ang tungkol sa akin.”

“Oo, alam na alam nila dahil mga immortal din sila kagaya mo.”

Magsasalita pa sana si Krizzy ngunit unti-unti nang lumalabo ang anyo ni Klein. Tila nag-umpisa na ang sinabi nito na kailangan na nitong maglakbay patungo sa kabilang daigdig.

“Krizzy—matagal na rin pala kitang iniibig... kahit isip bata ka.”

“Huwag ka ng magsalita! Mahal din kita kaya dapat hindi ka mawala! Bu—bumalik ka!”

Sa huli, tuluyan nang naglaho si Klein at kahit anong gawin pang sigaw ni Krizzy sa mga punong nakapaligid sa kaniya ay hindi na ito magbabalik. Nag-uunahan naman ang mga luha sa kaniyang mata sa pagkawala ni Klein. Kung may magagawa lang siya upang maibalik si Klein, gagawin niya iyon kahit ano pa ang maging kapalit nito!

Forever

by Yesha on November 2, 2009

“HAAAYY...” it was the third time she sighed.

“Honey, I’m sorry, don’t worry, aalis ulit si daddy at hindi ako uuwi ng hindi ko nabibili ang red dress na sinasabi mo.”

It was her dad trying to pacify her. Kauuwi lang ng mga ito mula sa isang out of town trip at kaagad ay hinanap na niya ang inaasahang pasalubong – ang red dress na nakita niyang suot ng kaklaseng si Pamela.

“But I’ve waited for three long days already, dad!” she winced.

“Yes, honey but your daddy is getting old and you have to accept that, nakalimutan ko talaga ang bilin mo and I’m so sorry...”

“See? How come you’re telling me you missed me when you forgot bringing me pasalubong?”

“Okey, okey, ganito na lang, honey, ask your mom for your allowance and go gather your friends and go out, bring them along and watch movie. How about that?” Napangiti siya. Hindi talaga siya matitiis ng ama.

“Oh, I love you so, daddy! I’ll call my friends now and I’m sure they’re gonna like your idea! Thanks dad, I love yah!” siniguro pa niyang may tunog ang halik na ibinigay sa kaniyang ama. Hindi nalingid sa kaniya ang pag-iling ni Yaya Aning at ng kaniyang mama pero hindi na niya iyon pinansin.

Bunsong anak ng mag – asawang Mirah at Ruel Mercado si Mariele. Ang ama nito ay may pag-aaring advertising company samantalang ang ina naman nito ay may dalawang boutique ng jewelry na hinahango pa nito sa bansang Italy. Sa estado ng buhay mayroon si Mariele ay hindi nito kailanman naranasan ang mahirapang kuhanin ang lahat ng bagay na maibigan nito. Mula sa mga signed bags, shoes, watches, jewelries hanggang sa mga simpleng belt at school stuffs ay hindi maikakaila ang estado nito sa pamumuhay.

Thus, everybody considered her a princess. Spoiled brat sa iba. Bratinella sa kaniyang mga kaibigan. At dahil nakikita nitong bentahe iyon mga babaeng ka-edad nito, tuluyan na ngang pinanindigan ni Mariele ang pagiging spoiled brat.

Nang may nakita itong red dress na suot ng isang kaklase ay agad nito iyong hiningi sa mga magulang. That’s how simple life is for her. And she simply enjoyed it!

Nasa Unang Taon na ng High School sa isang pribadong paaralan sa bayan ng San Sebastian si Mariele. Ang kapatid nitong si JM ay nasa huling taon naman sa mataas ring paaralang iyon. Sa magkapatid ay higit na kapansin – pansin ang pagiging malambing ni Mariele sa mga magulang. Maging

ang Ninang Weng at Ninong Simon na kapitbahay ng mga ito sa subdibisyong iyon ay malimit sabihing nais din nilang magkaroon ng isang babaeng anak na kagaya nito.

Isa lang kasi ang anak ng mga ito at lalaki pa, ang kaklase at kaibigang matalik ni JM – si Justin o Jat kung tawagin ni Mariele. Malimit ay inaasar ng dalagita si Justin at kahit pa nga sinasabihan ito ng ina na tawagin ng Kuya ang kinakapatid ay hindi ito sumunod. At hindi ito nahihiyang sabihin sa mga magulang ang dahilan – crush nito si Justin at hindi nito maaaring ituring na kapatid kahit kailan ang lalaki!

ARAW ng Sabado. Kasalukuyang niyang pinapakain ang alagang aso nang tawagin ng ina at utusang sunduin ang kapatid sa bahay ng Ninang Weng niya. Tuwing weekend kasi ay naroon ito kung hindi man si Jat ang nasa kanila upang makipag – jamming kay JM.

“Kuya, tawag ka ni mama, kakain na raw tayo.”

Napalingon sa kaniya ang magkaibigang nagkakatikot ng kung ano sa mga gitarang hawak ng mga ito. Sa tingin niya ay ngayon pa lamang nagsesetup ng gamit ang magkaibigan kaya napasimangot ang mga iyon sa biglang pagsulpot niya.

“Yeng, pakisabi kay mama na dito na ‘ko kakain kasi kalilipat ko lang dito. May inaayos pa kami ni Justin eh.”

Si Justin ay nakasalampak ng upo sa flatform ng music room na kaniyang pinasok. Ang kaniyang kuya naman ay nakaupo sa isang long table. Sa tabi nito ay nakita niyang may dalawang coke in can at platter na may lamang chocolate cake na paborito niya. Naroon din ang dalawang supot ng hindi pa nabubuksang Lays sa mesa na nasa malapit sa kaniyang kuya.

Kahit walang paanyaya ay lumapit siya sa mesa at kinuha ang kubyertos para tumusok ng isang maliit na bahagi ng chocolate cake.

“Wow, kuya! Ang sarap naman nito! Parang ngayon lang ako nakatikim ng ganito kasarap na cake ah!”

“Pssst, Yeng, mahiya ka naman kay Justin. Baka akala nito, hindi ka nakakakain ng ganyan noh! Para kang batang umasta!”

“Kuya, hindi iisipin ni Jat iyon. I’m sure he knows I do really love chocolate cakes! Yummy!” ang naiwang tsokolate sa gilid ng bibig ay inabot pa niya sa pamamagitan ng kaniyang dila.

“Stop that, Mariele, go back to mama and tell her I’ll be home after two hours, okay!” Tinangka nitong kuhanin sa kaniya ang tinidor na may cake sa dulo pero ipiniksi niya ang kamay at agad na lumapit sa nakayukong si Justin. Tumabi siya ng upo rito sa platform at tinangkang subuan ito ng cake.

Isang matalim na tingin ang isinukli nito sa kaniya na labis niyang ikinabigla. Noon pa man ay hindi na sila magkasundo ng kinakapatid niyang ito. Marahil daw ay nagseselos ito sa kaniya dahil palagi na lamang siyang bukambibig ng mga magulang nito partikular ng kaniyang Ninang Weng.

Although hindi naman siya nito pinakikitaan ng kagaspangan ng ugali ay hindi naman sila in nodding terms man lamang ng kinakapatid. Malimit ay siya ang gumagawa ng unang hakbang upang mapansin nito pero hanggang tango at simpleng ngiti lamang ang naisusukli ni Justin. Hindi naman ito sadyang tahimik dahil iba ang ipinakikita nito kapag kasama ang kaniyang kuya. Naisip niyang marahil ay hindi lamang siya type na kausap nito at nakakainis ang bagay na iyon. Sa school, lahat ay nagnanais na mapagbigyan niya ng atensiyon samantalang ito ay hindi man lamang siya mapansin?

“Go, Justin, para sa iyo iyan.” Idinuldol pa niya sa bibig nito ang cake pero ayaw talaga nitong isubo iyon.

“Ano ba ang problema mo? Galit ka ba sa akin?”

“May dahilan ba para magalit ako sa iyo?” sa wakas ay sumagot naman ito, iyon nga lang, masama pa rin ang tingin sa kaniya.

“Wala nga eh kaya nga hindi ko maintindihan why you don’t like me.” She pouted her lips na ikinangunot ng noo nito.

“Do I need to like you?” Yumuko na naman ito sa kuwerdas ng gitarang kinukutingting nito. Naramdaman naman niya ang paglapit ng kaniyang Kuya JM na bahagyang kumapit sa siko ng nakapameywang niyang braso.

“You don’t need to like me, Jat, you just have to be true to yourself.” Nakangiti siya habang sinasabi iyon pero pakiramdam niya ay hindi naman iyon umaabot sa kaniyang mga mata.

“Then get lost, Yeng. I don’t want you near me.” Kulang ang salitang nabigla siya sa narinig rito. Hindi niya kasi inaasahang maririnig iyon sa kaniyang kinakapatid. Kung hindi siya nito gusto, at least, maging civil man lang sana ito sa pakikitungo sa kaniya.

“Justin!” Tatlo silang napalingon sa pinto ng music room. Ang Ninang Weng niya iyon na nakatayo sa dahon ng pinto. Batid niyang narinig nito ang sinabi ng anak kaya naman agad niyang nilambing ito upang hindi na nito kagalitan si Justin.

“Hi, ninang! We’re just having fun outta here! Kumusta na kayo?” Agad siyang lumapit at umabrisiyete dito saka ito iginiya palabas ng silid. Habang palayo naman ay narinig niyang humingi ng pasensiya ang dalawang binatilyo sa isa’t – isa. Inihingi ng kuya niya ng pasensiya ang pangungulit niya.

“**HINDI** ko lang siya crush, kung hindi mag – on na kami noh. Oo naman, maniwala kayo sa akin.”

“Hoy, Yeng, tigilan mo nga iyan. Mamaya ay may makarinig sa iyo na nakakakilala kay Justin eh makarating pa sa tao ang pantasya mo!” It was her best friend Sarah trying to wake her up from dreaming. Ikinukuwento kasi niya sa mga kaklase niya na may relasyon sila ng kinakapatid na si Justin.

Kilala kasi ang lalaki sa campus dahil na rin sa madalas na pagpe – perform ng grupo nito sa lahat ng programa halos ng eskuwelahan. Marami na rin ang lihim na may gusto dito kaya naman wala siyang ibig na mangyari kung hindi ang mapansin nito.

“Sarah, let them know the truth ano ka ba? Bakit kailangan kong itago kung totoo naman hindi ba?” Nakangiti pa siya habang sumesenyas sa grupo ng mga kaklaseng nagkukuwentuhan.

“Kung boyfriend mo talaga siya, bakit never namin siyang nakita na sinundo ka o kasama mo man lang? ‘Diba girls?” si Marita iyon na secretary ng klase.

“Oo nga, Yeng, dapat siyempre, kahit paano ay makikita naming kasama mo si Justin noh.” At nag – ayunan na lahat ng kasama ni Marita sa sinabing iyon nito.

“Hello, ano ba kayo? Ang bata pa kaya natin, siyempre pa ay hindi naman ito alam ng parents ko kahit pa nga ng kuya ko. Hindi muna namin ipinaalam kahit kanino pero kapag ready na kami, why not ‘di ba?”

Nasa ganoon silang pagkukuwentuhan nang may grupo ng kababaihang lumapit sa kanila. Sa pagkakatanda niya ay Third Year ang mga ito ayon na rin sa mga librong hawak ng isa sa limang babae. Napansin rin niyang ang isa sa mga ito na nanguna sa paglapit sa kanila ay madalas niyang makitang kausap ni Justin. Kinutuban siyang bigla.

“Sino sa mga ito ang tinutukoy mo, Che?” nakahalukipkip ang babaeng nagsalita. Lalo niyang natiyak na ito nga ang babaeng laging lumalapit kay Justin, pamilyar kasi ang inis na naramdaman niya rito ng mga sandaling iyon.

“Siya, Dinah. Siya ang babaeng madalas kong marinig na nagkukuwento rito sa hallway eh, boyfriend daw niya si Justin mo.” Tinuro naman siya nito na halos ay magdikit ang mga mata niya sa pagkagulat.

“So, ikaw pala ha. Saan naman nanggaling ang pantasya mong boyfriend mo si Justin ha?”

Kinabahan siya subalit hindi nagpahalata sa mga kaharap. Hindi niya mapapayagang mapahiya siya sa harap ng mga kaklase.

“Bakit? Ano naman ang problema ninyo kung ipagkalat ko man sa buong paaralan na kami nga ni Jat?” taas – noong wika niya.

“Jat ka diyan! It’s Justin for you dahil hindi naman kayo close na dalawa! Hindi ba’t ikaw ‘yung kapatid ng kaibigan ng baby ko? Si JM ang kuya mo, ‘diba?”

'Baby? Si Justin ba ang baby na tinutukoy nito?'

"So ano ngayon? At bakit baby ang tawag mo kay Justin?"

"Itinatanong pa ba iyon? Si Dinah ang girlfriend ni Justin ngayon, hindi ka ba informed? Kaya tigilan mo na ang kaiilusyon mo, bata!" Nagtawanan pa ang grupo nang sumagot ang isa pa sa mga kasama nito.

"Baby mo si Justin? No wonder. Actually, you really look like a nursing mom!" sa pagkakataon namang iyon ay ang grupo niya ang nagtawanan. Nagpadagdag pa ritong may kalakihan ang hinaharap ng babaeng nagpapakilalang nobya diumano ni Justin.

Akmang susugod na ang mga ito nang marinig ang isang malakas na tinig sa likuran nila. It was Justin with her Kuya JM. He really looked boyish with that haircut and his height made her looked smaller than her 5'2 actual height.

"What's going on here?" Malakas ang boses nito nang magtanong at agad siyang pinanginigan ng tuhod. It was the first time she felt that, parang nag – uunahan sa pagtambol ang kaniyang puso. Bakit araw –araw naman niyang nakikita ito pero sa mga oras na iyon ay tila isang taon o higit pa ang namagitan sa kanila at sa tingin niya ay kaylaki ng ikinisig ni Justin.

"Nagkukuwentuhan lang kami rito nang biglang nanggulo ang Dinah na iyan, Kuya JM." Si Sarah iyon na marahil ay nahalatang hindi niya kaya ang magsalita. Tulala pa rin siya kaya siniko na siya ng kaibigan. Natauhan naman siya at noon lamang niya napansin na nakakunyapit na pala si Dinah sa kaniyang kinakapatid.

"It was not true, baby. Kilala mo naman ako 'diba. Kaya ko bang gawin iyon?" nagpaawa pa ito habang pinipilit na i – eye to eye si Justin.

"Then why are you here, Dinah? Sino ang sadya ninyo sa building na ito?" hindi agad nakakibo ang babae. Third at Fourth Year ang magkasama sa iisang building, ang sa First at Second Year naman ang naroon sa building nila.

"That clearly explains the situation, Jat. Sila ang dumayo sa building namin para manggulo." Sinamantala niya ang pagkakataong makapagpaliwanag dito.

"Ginawa ko lang iyon dahil nabalitaan kong ipinagkakatitong batang ito na boyfriend ka daw niya!"

Sa kaniya naman nabaling ang tingin ng lalaki. Halos ay lumubog siya sa kahihyan dahil sa pinaggagagawa pero hindi niya mapapayagang ganituhin lang siya ng kahit sino sa harap pa man din ng kaniyang ultimate crush.

"Totoo ba, Yeng?" musika sa kaniyang pandinig ang boses nito. Malambing ang dating noon sa kaniya, although may panganib sa likod ng boses na iyon.

Yumuko siya at marahang tumango habang halos ay maiyak sa sobrang pagkapahiya. Hindi niya dapat inamin sa lalake ang ginawa, first time niyang hinayaang mapagtawanan ng ganoon sa harap ng maraming tao but she was left with no choice. Parang isang makapangyarihang boses ang narinig niya at sapat – sapat iyon para siya umamin.

“Hindi mo dapat iyon, ginawa, Mariele. May girlfriend na si Justin, at si Dinah iyon.” Ang Kuya JM niya iyon na sa halip na ipagtanggol siya ay pinagsabihan pa siya sa harap ng maraming tao. Bigla ang aksiyong ginawa niya, hindi na niya kayang tiisin pa ang pagkakapahiya sa mga oras na iyon na pati halos lahat ng dumaraan ay isa – isang naglalapitan. Tumakbo siya nang mabilis palayo sa mata ng mga nakasaksing naroroon.

CHAPTER 2

“**YENG**, sige na naman oh, lumabas ka na riyan! Narito si Justin, gusto ka niyang kausapin sa nangyari kangina! Buksan mo na ang pinto, please.” Halos gibain na ng kaniyang kuya ang pinto pero hindi pa rin siya tuminag.

Mula nang tumakbo siya palayo sa mga kaklase at usyuserang nagpipiyesta sa kaniya ay hindi na siya bumalik pa. Minabuti niyang dumiretso nang uwi tatal naman ay dala niya ang backpack niya. Wala siyang mukhang maiharap sa lahat ng naroon. Thank God it’s Friday kaya Lunes na siya muling papasok.

Hindi siya natinag sa kabila ng malakas na pagkalampag ng pinto ng kapatid. Hindi niya ibig makita ni Justin ang kaniyang anyo sa mga sandaling iyon. Mugto na ang mga mata niya sa kaiiyak mula pa kanginang dumating siya buhat sa eskuwelahan. Kahit ang Yaya Aning niya ay hindi niya pinansin nang nag – aalala itong sumunod sa pagpanhik niya sa kaniyang silid.

Ilang sandali pa at nanawa na rin ang kaniyang kuya. Narinig niya ang papalayong yabag nito. Subalit saglit lang ay muli siyang may narinig na isang pares ng yabag na paparating. Huminto iyon at tumapat sa labas ng kaniyang pinto. Kumatok ng isa at saka nagsalita.

“Yeng, si Justin ito. Lumabas ka na, Let’s talk.” Iyon lang at naiyak na naman siya. Ibig niya sanang lumabas pero sa hitsura niyang iyon, labis siyang kahiya – hiya!

Ano ba ang ipinagsisintir niya? Kung tutuusin ay hindi marahil ang pagkapahiya lang sa ginawa niyang kalokohan sa campus. Mas higit yata ang malamang may girlfriend na pala ang kaniyang kinakapatid. Sa pakiramdam niya ay iyon pa ang mas matimbang na dahilan ng pag – iyak niya.

Nawala ang katok at nakahinga siya ng maluwag. Ipinagpatuloy na lamang niya ang tahimik na pagluha nang biglang magulantang ng kung anong bagay na mabigat na nalaglag sa bintana niya. Bigla siyang napatingin doon at muntik nang mapasigaw.

She was stunned. Naroon si Justin, habang isinasara ang bintana ng kaniyang kuwarto. Nananaginip ba siya? Totoo ba ang lahat ng ito? Silang dalawa ni Justin sa kaniyang silid?

“Ano ba ang ginagawa mo rito? Ano na naman ang drama mo?” Para siyang sinampal sa narinig nang humarap ito sa kaniya matapos isara ang bintana. Akala pa naman niya ay concern ito sa kaniya kaya naroon, iyon naman pala ay sesermonan lang siya.

Prente itong humiga sa isang panig ng kaniyang kama, ang isang paang naka – rubber shoes ay nakababa sa gilid samantalang nakapatong ang isa sa mismong ibabaw ng kama. Ang ulo nito ay nakahimlay sa mga brasong magkasalikop at nakasandig sa headboard. Sa kisame ito nakatingin pero sa mga mata nito ay hindi naman maitatago ang pagkainis sa kaniya.

“Nagagalit sa akin si mama. Nagsumbong si Yaya Aning na umiiyak ka nang dumating kangina.” Wala kasi sa bahay ang kaniyang mga magulang kaya naisip niyang nataranta marahil ang kaniyang yaya kaya sa Ninang Weng niya siya nagsumbong.

Wala naman siyang sinabing dahilan rito pero natatandaan niyang nabanggit niya ang pangalan ng kinakapatid bago tuluyang makapasok at makapagkulong sa silid. Iyon marahil ang isa pang dahilan nang paglipat ni Yaya Aning sa bahay nila Justin. Akala nito ay kung napaano siya at ang anak ng mga ito ang dahilan ng ipinagkakaganoon niya.

“You know what, brat? You really have this power of manipulating everything in your hands. My sympathy is for you for having such an attitude!” Bahagya lang itong tumingin sa kaniya at matapos ay sa kisame na naman ang pokus nito.

Bahagyang kumibot ang labi niya upang tumutol pero hindi naman niya naisatinig ang nararamdaman. Akala pa naman niya ay nag – aalala ito para sa kaniya. Iyon pala naman...

“Wala akong alam sa mga sinasabi mo. Wala rin akong magagawa kung iyan ang iniisip mo sa akin.” Naupo siya nang pasandal sa headboard habang nakatingin sa bintanang nasa kanilang paanan.

“Wala kang alam o wala kang pakialam?” he sneered.

“Totoo bang girlfriend mo si Dinah?” Inilayo niya ang usapan dahil bukod sa iniisip niyang walang mararating iyon, ibig rin niyang dito malaman ang totoo at hindi sa kuya lang niya.

“Why do you want to know?” asik nito sa kaniya. Ano ba ang kailangan niyang gawin para kahit minsan ay magkausap naman sila nito nang hindi nag – aangilan? Hindi niya alam kung ano ang nagawa niya rito para kainisan siya ng ganoon samantalang kung tutuusin ay pwede pa ngang maging malambing rin siya dito kagaya ng ginagawa niya sa kaniyang Kuya JM o sa mga magulang mismo nito.

“Wala ba akong karapatang malaman?” pa – cute naman niya kahit alam niyang mugtung– mugto ang kaniyang mga mata dahil sa maghapong pag – iyak. Nabigla pa siya nang inilapit nito ang mukha sa kaniya. Bahagya pa tuloy siyang napapikit sa pag – aakalang hahagkan siya nito.

“Wala.” Diretso sa mata ang tingin sa kaniya ng kinakapatid habang sinasabi iyon.

“Meron.” She pouted.

“Wala nga.”

“Meron nga eh.” She insisted.

“Ano namang karapatan meron ka para malaman iyon?”
“May karapatan ako dahil ako ang babaeng pakakasalan mo pagdating ng panahon noh!” Hindi niya alam kung saan siya kumuha ng lakas ng loob para sabihin iyon, basta lumabas na lang basta sa bibig niya.

“What did you say?” Amusement filled his eyes. Subalit saglit lang iyon dahil ilang sandali lang ay tumawa naman ito nang ubod lakas na halos ay ikabingi niya. Ngayon lang niya nakitang tumawa ito ng ganoon, at her expense pa.

“Bakit ka natatawa? Umamin ka na kasi na may gusto ka rin sa akin, Jat.”

“In your dreams, Mariele, at isa pa, huwag mo nga akong tatawaging Jat. Hindi na ako bata at si mama lang ang tumatawag ng ganiyan sa akin, pwede ba?”

Totoo naman ang sinabi nito. Ayaw talaga nitong magpatawag ng ganoon sa kahit na sino pero pinipilit pa rin niya dahil pakiramdam niya ay close sila ng lalaki kapag ganoon.

“Huwag ka nang maarte, Justin, basta aminin mo man o hindi eh alam ko namang importante ako sa iyo at isang patunay na narito ka ngayon sa kuwarto ko.” Siya naman ang naglapit ng mukha sa lalaki. Akala niya kasi ay iiwas ito pero malapit na malapit na ang mukha niya ay hindi pa rin ito tumitinag.

Ang siste, nang malapit na iyon ay pinanlakihan pa siya ng mata ni Justin na tila tinutudyo siyang hindi niya kayang gawin ang hamon niya. Dahil sa takot at pagkapahiya ay tinangka niyang ilayo ang kaniyang ulo pero hinawakan nito ang batok niya na halos ikasigaw niya sa gulat.

“Ano? Akala ko ba, ikaw ang babaeng mapapangasawa ko? Alam mo na ba sa edad mong iyan ang ginagawa ng mag – asawa ha? Ipakita ko kaya sa iyo nang malaman mo at matauhan ka?” Iyon lang at bigla siyang dinampian nito ng halik sa gilid ng labi. Napasigaw siya sa pagkabigla.

“Yaya! Yaya Aning! Yaya! Rape! Rapeee!” Kinuha pa niya ang kumot at itinakip sa kaniyang katawan habang nakamasid sa nakangising si Justin na papalabas na ng kaniyang bintana.

Histerikal na siya nang pumasok sa kuwarto si Yaya Aning. Takot na takot ito at may dala pang pamalo. Mataktika namang nakalabas ng silid si Justin.

“Nasaan? Nasaan ang rapist?” Sa hitsura nitong handang manakit ng tao ay biglang bumalik ang katinuan niya.

“Wala yaya, practice lang.”

“Sus, batang ire...”

“**PARE**, sa canteen na lang tayo gumawa niyan. Wala namang masyadong tao doon ngayon.” Magkasama silang magkaibigan at naghahanap ng lugar na pupuntahan upang magawa ang assignment nila sa Math.

“Ayoko sa canteen pare, naroon si Jim ngayon.”

“Sinong Jim?”

“Sino pa eh di ‘yung kasama natin sa Science Club. Would you believe, pare, dumidiskarte ang loko kay Yeng ko. Hindi na nahiya, bata – bata pa ng kapatid ko eh pinopormahan na.”

Saglit siyang natigilan at binalikan sa isip ang lalaking tinutukoy ng kaibigan. Hindi naman siya nabigo dahil bigla rin niyang naalala na ang kakaunti lang naman sa Third Year ang miyembro ng Science Club at ang Jim na tinutukoy ni JM ay tiyak na ang Jim na kaklase rin ng current girlfriend niyang si Dinah.

“May problema ba? I mean, ginugulo ba si Yeng?” aniyang nakangunot ang noo.

“Hindi naman, pare. Actually, hindi ko nga alam kung pumoporma na iyon sa kapatid ko kasi may nagtip lang sa akin ng planong panliligaw ng lokong iyon.”

“Pare, hayaan mo na si Yeng, malaki na rin naman ang kapatid mo para guwardiyahan mo pa ‘diba.” Hindi niya alam kung bukal sa loob ang sinabi niyang iyon dahil kahit naman siya ay nag – aalala rin para rito. Hindi niya alam kung bakit pero kilala niyang magiliw ang dalagita sa kahit na yata sinong makilala nito. Paano kung mapasagot ito ni Jim?

Ano naman sa kaniya kung magkagoon nga?

Nang hindi sumagot ang kaibigan ay nilingon niya ito. Sinundan niya ang tingin ng nakangunot na si JM. It was Mariele walking towards them with somebody following on her back. Nakilala niyang si Jim ang lalaking nakasunod rito.

“Yeng!” sigaw ni JM.

Napalingon naman sa kanila ang dalawa, partikular sa kaibigan niyang si JM.

“Pare, binibigyan ko lang siya ng merienda.” Agad ay nagpaliwanag ito kay JM dahil marahil sa bigla nilang paglapit sa mga ito.

“Pare, bata pa ‘yang kapatid ko eh.” ani JM.

“Kuya, hindi na ako bata, ano ka ba naman!” Sa tingin niya ay hiyang – hiya ang dalagita sa ginagawang paninita ni JM sa manliligaw na si Jim.

“...and besides Kuya, he’s just giving me...”

“Kaya rin kitang bilhan niyan, Yeng. Hindi ka dapat nagpapabili kung kang-i – kangino.” It was him who snapped at her. Napatingin tuloy sa kaniya ang tatlo.

“Ang ibig kong sabihin, akala ko ba, pare ay pupunta tayo ng canteen? Eh di isama na natin si Yeng kung nagugutom siya.”

“Wait, ano ba kayo, nakakahiya kay Jim! Hindi niya ko binilhan ng merienda because I am hungry or something, gusto lang niya akong bigyan because he wanted to make friends.”

“Yeng, hindi mo alam ang sinasabi mo. Pare, sa iba na lang ha, huwag sa kapatid ko kasi hindi ko pa ito pinaliligawan talaga eh.” Inakbayan pa nito ang kapatid at bahagyang inilayo kay Jim.

“Wala namang masama sa ginagawa ko, pare. Sabi nga ni Yeng, I’m just trying to be a friend to her...”

“Mariele ang pangalan niya, pare.” He cleared his throat at hindi niya maunawaan ang inis na nadarama niya sa mga oras na iyon.

“Kuya, Justin, sino naman ang nagsabi sa inyong nililigawan ako ni Jim? Wala naman siyang sinasabing ganoon, basta ang sabi niya, gusto niyang makipagkaibigan, ano naman ang masama roon, hindi ba Jim?” Nilinga pa nito ang lalaki na nagkakamot ng ulo.

Kumilos ang kamay niya upang hatakin ang dalagita sa isang tabi ng puno, may limang metro ang layo sa dalawang nag – uusap at saka niya kinausap ito. Kinausap naman ng kuya nito si Jim. Bahagya pang nakaawang ang labi ng dalagita marahil dahil ng pagkabigla sa mga pangyayari.

“Close your mouth, brat or I’m gonna kiss you here in front of everyone looking.”

Lalo itong napatanga sa sinabi niya. Siya man ay bahagyang nagugulat sa lahat ng mga salitang lumalabas sa kaniyang bibig mula kangina kaya naman ipinilig niyang bahagya ang ulo upang magising.

“Ano ba ang nangyayari talaga, Justin? Can you please explain?”

“Ayoko ng makulit, Yeng. Ayoko ng maraming paliwanag but listen to what I am going to say. Kung ikaw talaga ang babaeng mapapangasawa ko, ayoko ng nagpapaligaw ka kung kang-i – kangino habang hinihintay ang tamang edad na pwede na tayong magpakasal, maliwanag ba?”

Mabilis pa sa dalawang segundo ang naging pagsang – ayon ng dalagita.

“Ipangako mo na iingatan mo ang sarili mo para sa akin.”

Mabilis itong ngumiti at saka itinaas ang kamay sa anyong nangangako saka sumagot.

“Promise. Ikaw, promise mo rin na ako lang ang babaeng pakakasalan mo ha?”

Sa kabila ng pagkalito ay tumango siya at may kung anong kasiyahan siyang nadama nang sa simpleng paraan ay nagkaunawaan sila ni Yeng. Hinawakan na niya ito sa isang kamay at mabilis na inilayo sa dalawang binatilyong nag – uusap.

Snow and Me

by foobarph on November 3, 2009

NAGSIMULANG bumagsak ang mga niyebe mula sa labas ng bintana ng eskwelahan ni Esmeralda. Kasabay nito ay ang pag-hip ng malakas na hangin mula sa labas kung kaya't kitang-kita niya ang pagsayaw ng mga sanga ng puno mula pakaliwa patungo sa kanan. Maya-maya pa ay narinig niya ang pagpalapak ng kanilang guro.

"Ok class, this is it. It seems like winter came so soon. I'm kinda thinking of something special this season. This will be your project."

"And what is it all about Ms. Jewels? I hope that it's not hard." sabi ng isa niyang kaklase.

Napabuntong-hininga naman si Ms. Jewels bago ito nagsulat ng malalaking salita sa kanilang pisara. Pagkatapos ay ngumiti ito ng malaki sa kanila na parang bata.

SNOW AND ME

"Wha—what is that!?" halos sabay-sabay na sabi ng kaniyang mga kaklase.

"For this project, you need to create a poem which is composed of four lines. What is interesting to this project is that, you need to explain such poem in front of the class. This is to improve your self-confidence in public speaking and well of course, to explain a little something about yourself."

Tumahimik lang siya dahil ayaw niyang makisali sa mga makukulit niyang kaklase. Pakiramdam niya ay hindi siya kabilang sa mundo ng mga ito. Ang pakiramdam niya ay lagi siyang nag-iisa. Kunsabagay, sino ba naman ang gustong makipag-kaibigan sa isang may karamdamang kagaya niya? Isang karamdaman na maski siya ay hindi niya alam kung ano ba talaga ang naging sanhi at kung saan niya nakuha. Paano ba naman kasi, lagi siyang napapagod kahit wala naman siyang ginagawa. Para siyang papel, kaunting ihip lang ay tiyak na liliparin kaagad.

"For this project, you will be needing a partner. So choose your own partner very quickly and submit your answers before Friday. The sooner—the better." si Ms. Jewels.

Maya-maya ay may biglang tumapik sa balikat ni Esmeralda. "Esme, pagtulungan natin ito. Alam mo namang bobo ako sa mga ganito eh."

Si Marc, ang kaisa-isang kaklase niyang naglalakas loob upang kausapin siya. Makulit ito at kwela pero pagdating sa pag-aaral, laging bokya—pasaway kasi. Paano ba naman, laging naiipit sa away. Siguro sa linggong ito, nakabilang na ito ng anim na rambol. Siyempre, laging bagsak ang mga kaaway niya. Sa laki ba naman ng katawan nito, tiyak walang makatatayo pagkatapos na mahagip ng malalaking kamao nito.

"May magagawa pa ba ako? Kung hindi lang kailangan ng ka-partner dito, tatanggihan kita."

“Alam ko namang hindi ka tatangi. Isa pa, alam ko namang gusto mo rin akong maka-partner. Tayong dalawa lang kaya ang friendship sa room na to.”

“Oo nga.” Sabay ngiti kay Marc. Sa malapitan, may face value rin pala ito. Yun nga lang, dahil na rin sa dami ng band-aid nito sa mukha, talagang bad boy ang image nito. Kaya hindi na siya magtataka kung bakit walang lumalapit na babae dito kahit na matipuno ang pangangatawan nito.

“Ayan. Ngumiti ka rin. Alam mo kasi Esme, pag tumatawa ka, nawawala ang pagod ko. At isa pa, nag-re-recharge ang powers ko kaya pag may nang-asar sa akin o sayo, tiyak bagsak agad!”

“Hep hep! Ikaw talaga. Konting hinay lang. Kung mayruon dapat na ngumiti dito ng madalas, ikaw yung Marc. Bakit ba kasi ang hilig mo sa away eh?”

Napakamot ito ng ulo. “Hindi ko nga rin alam. Kadalasan kasi, inaasar ka nila. Kaya ayun, binabanatan ko agad. Minsan nagugulat ako dahil marami pala sila. Pero di naman sila uubra! Ako pa!”

Binatukan niya ito ng bahagya. Kunwari namang umaray ito. “Basta ipangako mo sa akin, hindi ka na makikipag-basag-ulo pag ako ang pinag-uusapan nila. Wala sa akin yun.”

“Ayaw! Basta, bubugbugkin ko sila pag inasar ka nila!”

Binatukan niya ito ulit saka tinitigan sa mga mata. “Basta mangako ka! Hinihinal na ako sayo niyan eh!”

Bumuntong-hininga lamang ito bago ito nag sign of the cross sa dibdib. “Opo, pinapangako ko po.”

“Talaga?”

“Oo sabi eh.”

“Talagang talaga?”

“Ang kulet mo Esme! Hipan kaya kita?”

Nagkatawanan na lamang sila bago sila lumabas ng klase. Inihatid naman siya ni Marc hanggang sa bahay. May kalakasan ang buhos ng niyebe sa labas ngunit hindi naman ito naging hadlang upang magawa nila ang kanilang proyekto. Ang naging plano kasi nila Marc ay—siya ang gagawa ng sagot para kay Marc. At si Marc naman ang gagawa ng sagot para sa kaniya.

KINABUKASAN...

“Ok class, let’s begin. May nakagawa na ba ng assignment ninyo?”

Nagtaas siya ng kamay. Kasabay nito ay hinahanap niya kung nasaan na si Esmeralda. Wala pa ito sa kaniyang upuan. “Ako po Ms. Jewels!”

“Aba, magaling! Sige nga, pakinggan natin.”

Can this be love I’m feeling right now?
I know for certain I’m feeling right now.
Like a snow, I can feel it.
Like a snow, you will feel it.

“Sa totoo lang, I wrote this poem for Esmeralda. Ang plano kasi namin ay hindi mag-brainstorming. Iniba namin. Ako ang gagawa ng poem para sa kaniya. Siya naman ang gagawa ng poem para sa akin.”

Pumapalakpak naman si Ms. Jewels sa naging sagot niya. “That’s good and it’s acceptable on my part. And—can you explain your poem Marc?”

Naghiyawan naman ang buong klase. Halata kasi na in-love siya kay Esmeralda pero ayaw pa niyang aminin. Siya na mismo ang nag-sasabing magkaibigan sila pero sino ba naman ang maniniwala sa kaniya? Almost lahat ng mga activities sa school eh sila ang magkasama!

“Nasaan na pala si Esmeralda Marc?”

“Hindi ko nga rin po alam Ms. Jewels. Sinusubukan ko na kontakin sa bahay nila kanina pero wala atang signal dahil sa kapal ng niyebe.”

“Ok lang, sige, please continue with your explanation.”

“Honestly, I love Esmeralda so much as a friend. Kung lumagpas man iyon dun, well and good. But right now, marami pa kaming plano like finishing our studies and well, gusto ko rin na makahanap ng lunas sa sakit niya.”

Bigla ay parang nanlumo ang buong klase. Nagulat din ang mga ito sa kabilang banda. Tila naiintindihan siya ng mga ito. Natahimik ang lahat ngunit siya na rin mismo ang bumasag ng katahimikang iyon.

“After graduation, I’m aiming to become the best doctor in the world para magamot ko si Esmeralda. When that happens, wala ng mang-aapi sa kaniya.” Aniya bago siya ngumiti kay Ms. Jewels. “At siyempre, para wala na rin akong bugbugin pag may nang-aapi sa kaniya.”

Nag-iyakan naman ang kalahati ng kaniyang mga kaklase mula sa narinig sa kaniya. Pati si Ms. Jewels ay mangiyak-ngiyak sa narinig. Hindi kasi nila akalain na maririnig nila iyon kay Marc—na isang basagulero at halos isang patapon na estudyante mula sa kanilang paaralan.

Nagpalakpakan ang buong klase at nagpatuloy ang pag-pi-prisinta ng mga kasagutan sa kanilang proyekto. Maya-maya pa ay may kumatok na isang administrator officer sa kanilang klase. Kinausap nito si Ms. Jewels.

Nanlulumo naman na pumunta sa harapan ng kanilang klase si Ms. Jewels pagkatapos na umalis ang nakausap nito. Huminga muna ito ng malalim bago ito nagsalita.

“Class, huwag sana kayong mabibigla, lalo ka na Marc.”

“Ba—bakit po!”

“Wala na si Esmeralda. She had a heart attack this morning and rushed to hospital. Sad to speak, she didn’t make it.”

“No! No way! No friggin way!” sigaw niya bago siya lumabas sa classroom pagkatapos na malaman kung saang hospital naruon si Esmeralda.

NAKASALUBONG ni Marc ang ina ni Esmeralda. Nakaupo ito sa labas ng emergency room at tila may hinihintay. Ang ama naman nito ay abala sa pag-aasikaso ng mga bayarin at mga papeles.

“Nay...”

“Marc! Kanina ka pa namin hinihintay!” bulalas ng ina ni Esmeralda.

“Ba—bakit po? Ano pong nangyari?”

“Bigla na lang kasing bumagsak sa sahig si Esmeralda kanina pagkatapos niyang makapagbihis papasok sa school. Pinagpahinga muna namin siya ng ilang minuto at nang sinabi niya na ok na siya, pinayagan na namin siyang makapasok. Pero pagkalabas niya ng bahay, bigla ulit siyang bumagsak kaya idiniretso na namin siya sa hospital. Pero hindi na siya umabot kasi hindi na raw tumitibok ang puso niya. Nagkaruon siya ng heart failure... bumigay na ang puso niya sa pagtibok.”

“Na—nasaan na po siya?”

“Nasa loob pa siya ng ER. Maya-maya lang, dadalhin na siya sa morgue for autopsy...”

“Si—sige po.”

“Saan ka pupunta?”

“Sa ER, gusto ko siyang makita...”

“Te—teka...” May iniabot na papel sa kaniya ang ina nito. “Hawak-hawak niya yan bago siya bumagsak sa sahig. Nakaselyo at nakapangalan sayo kaya hindi na namin binuksan ng papa niya. Kunin mo.”

Kinuha niya ang papel saka binuksan iyon. Naging style love letter iyon dahil nakasulat iyon sa isang stationary. May mga scrapbook items pa sa paligid nito.

Ikaw ay tulad ng mga niyebe sa hilaga,
nakaka-tuwa, nakaka-lipad at nakaka-kalma.
At nais kong ipunin ang mga iyon sa aking silid,
aalagaan kita hanggang sa hindi na ako makasisid.

Kasunod nito ay may nakita pa siyang isang papel na kasama sa sulat na iyon. Naka-rolyo iyon at naka-selyo din gamit ang ginupit na straw. Binuksan niya iyon. Pagkabasa niya dito ay tuluyan na lamang bumagsak ang mga luha sa kaniyang mga mata.

*PS: Pagkatapos ng winter, samahan mo ako sa parke. Gusto kong magpa-kain ng mga ibon.
Ikaw ang sagot sa lahat ha? At wag ka ng makikipag-away ha? Oo? Good!*

Frozen Shrine

by foobarph on November 16, 2009

Bakit ba nagtatayo ang tao ng shrine? Para saan ba ito at bakit ito espesyal sa kanila? Samahan ninyo akong tuklasin ang kasagutan sa kwentong ito— isang kwento na iba ang sagot sa normal na kasagutan...

HINDI naging hadlang ang malakas na pagbuhos ng ulan at malalakas na ihip ng hangin upang tumupad siya sa pangako na kaniyang binitawan para sa kasintahan. Kahit kagagaling lamang niya sa malubhang sakit ay pinilit pa rin niyang makipagkita dito. Tumakas siya sa kanilang bahay makarating lamang sa kanilang tagpuan.

Naghintay siya kahit hindi niya alam kung darating ba ang kaniyang kasintahan o hindi. Naniniwala kasi siyang mahal siya nito at tumutupad ito sa pangako. Ngunit lumipas ang ilang pag-ikot ng mga daliri sa kaniyang orasan ay hindi niya naaninag kahit anino nito.

Napasandal na lamang siya sa pinakamalapit na dingding habang tinatanaw ang pag-aalburuto ng panahon. Naisip niya— buti pa ang bagyo, alam mo kung kailan darating. Samantalang ang taong hinihintay niya ay—napakagat siya ng labi. Iba’t ibang emosyon ang pumapasok sa kaniya ngunit mas nanaig ang pag-ibig niya sa kasintahan.

Napaupo na lamang siya sa isang sulok habang mabilis na nag-uunahan ang mga luha sa kaniyang mga mata. Idinaan na lamang niya sa pag-iyak ang kaniyang kalungkutan. Ang tanging nagawa na lamang niya ay yakapin ang kaniyang sarili. Sarili na kahit kailan ay hindi niya inunawa nuong mga panahon na mahal pa siya ng kasintahan.

“Ernest... bakit?” tanging naibulong niya sa kaniyang sarili.

DALAWANG taon bago ang pangyayaring iyon...

“Opera, my love, i-de-date kita after ng klase ha?” bulong ni Ernest sa kaniya, ang kaniyang kasintahan. May mahaba itong buhok at geeky kung tingnan. A very simple man but with a simple dream—ang maging asawa siya— arg!

Pinandilatan niya ng mata ang kaniyang kasintahan. “Ernest, my dear, can’t you see I’m busy with my project? We’re on the last stretch of our college days, after this, we’ll be working like crazy. Gusto kong makapag-concentrate.”

“Pero— birthday ko ngayon. Saka—sakto itong araw na ito sa anniversary natin. Can’t you spare sometime?” pagmamakaawa nito.

Tiningnan niya mula ulo hanggang paa si Ernest. Yuck, he’s so dirty-looking. Bakit ba niya kasi sinagot ang lalakeng ito? Ah—she remembered! Ernest was the top student sa buong university nila. To cut the story short, she’s using Ernest so she can also move to the top. Pretty slick idea eh? But it worked! What a loser, if he only knew!

“Ok, pero isang oras lang ha? After that, uuwi na ako dahil mayruon pa akong group project na dapat tapusin. Dadaan ang tropa ko sa bahay, after that, baka mag-bar pa kami para makapag-relax.”

“Talaga!? That’s great!” halos magtatalon sa tuwa si Ernest. Maya-maya ay lumingon itong muli sa kaniya saka nagsalita. “Pwede rin ba akong sumama sa group activity at bar ninyo? Hindi pa kasi ako nakakaranas nun eh.”

“Hindi! Ano ka ba Ernest, sumusobra ka na ha?”

Ngumiti na lamang ito kahit alam niyang napipilitan lang ito. Kilala niya si Ernest, sanay na ito sa mga pagtangi niya. Kunsabagay, almost three years na silang mag-on. Three years na niyang ginagamit ito— at nagpapagamit naman ang mokong!

“Sige, basta i-text mo na lang ako in case of anything ha?” anito bago ito lumabas sa kanilang classroom. Kapapasok lang kasi ng professor nila upang simulan ang klase. Napabuntong-hininga siya pagkatapos na mawala sa paningin niya si Ernest. Sa wakas, wala na rin ang asungot.

PAGKATAPOS ng klase nila ay natuloy ang date niya kay Ernest.

Nagpunta sila sa mall. Hindi na sila nanuod ng sine dahil isang oras lang ang ibinigay niyang panahon dito. Nag-arcade muna sila tapos ay kumain sa isang restaurant. Pagkatapos nito ay napadaan sila sa isang shop—isang anime shop.

“Ernest! Ayaw kong pumasok diyan!” muktol niya habang pinipilit siya ni Ernest na pumasok sa loob. Halos lahat ng mga tao na nasa loob ay sumama ang tingin sa kaniya. Medyo napahiya siya kaya pinagbigyan niya na lang ito.

“Pare! Kamusta ka na? Tagal mo ring hindi napadaan dito sa shop ha!” bati ng isang attendant sa kaniya. Marahil, ito ang pinakamatagal sa lahat ng nagbabantay sa anime shop na ito.

Kinamayan ito ni Ernest bago ito ngumiti dito. “Ok lang ako! Pasensiya na, marami kasing project si Opera eh kaya kailangan ko siyang suportahan. Diba love?”

Halos tumubo ang ugat niya sa ulo ng marinig ang salitang ‘love’. Naiinis siya sa tuwing naglalambing ito sa kaniya. “Oo.” sarkastiko niyang sagot sa kanila. Natahimik sandali si Ernest, maging ang kausap nito. Ha! Dapat lang iyon sa kanila dahil pareho silang weirdo!

“Anyway, remember yung mga replica swords na hinihintay mo? Dumating na sila!”

“Ta—talaga!? Nako pare! Thank you! Bibili na ako agad niyan! Importante sa akin yan eh! Saka yung stuff toy na itinawag ko sayo, sana available pa.” si Ernest.

“Oo naman! Basta ikaw pare!” sagot naman ng kausap nito.

In the end, ibinili siya nito ng paborito niyang anime mascot na si Mokona. Bumili rin ito ng dalawang espada na kakaiba ang disenyo. Parang espesyal talaga iyon para kay Ernest kaya tinanong niya na rin ito out of curiosity.

“Ernest, ano yang mga espada na yan? Saan mo gagamitin yan?” tanong niya dito.

“Ito love? Ito ang tinatawag na mga Zanpakuto. Bawat Zanpakuto ay makapangyarihan at may kani-kaniyang abilidad. Espesyal din sila dahil may buhay ang bawat isa sa kanila.” Paglalahad nito habang naglalakad sila pauwi.

Gustuhin man niyang mainis ulit dahil tinawag siya nitong ‘love’ ay pinalipas na lamang niya. Masasanay rin siya siguro sa lalakeng ito. Kunsabagay, wala naman siyang balak patagalin ang relasyon niya dito. Pagkatapos ng graduation nila, makikipag-split na siya dito. Masaktan na ito kung masaktan, wala siyang paki-alam.

“Pareho silang may abilidad upang kontrolin ang yelo.” si Ernest.

“Yelo? Bakit naman yelo? Pwede namang apoy o hangin.”

“Kasi pag yelo, kaya nitong patigilin ang oras. Pag yelo, kaya nitong pahupain ang iyong nararamdaman. Pag nalungkot ka, kaya ka nitong pasayahin kahit pansamantala. Ang drama no?”

“Oo nga, ang drama!” Maya-maya lang ay narating na rin nila ang bahay niya. Agad siyang pumasok sa gate ngunit pinigilan siya ni Ernest.

“Teka lang, wala ba akong birthday at anniversary gift?” Namimilog ang mata nito, para itong tarsier kung hindi ito naging tao. Kung hindi man ito naging tao, tiyak– alien ito!

Napakunot na lamang siya ng noo. Patay, nakalimutan niya, birthday pala ng mokong. “Ay, sorry Ernest, nakalimutan ko. Di bale bukas, ibibigay ko after ng class.”

Humalakhak na lamang si Ernest na parang walang nangyari. “Ano ka ba, ok lang yun! Basta, lagi mong tatandaan na mahal na mahal kita. Good night.”

“Good night, ingat ka.” Sabay sarado ng pinto. Saved from that ugly geeky freak!

Agad siyang pumunta sa kaniyang kwarto. Pagkapasok niya ay binato niya ang kaniyang bag sa kama. May sulat na biglang nahulog sa kaniyang bag. Pero kanino ito galing? Binasa niya ito.

Opera, my love...

Pasensya ka na kung masyado akong nagiging makulit lately. Pero pangako ko sayo, pagkatapos mong basahin ang sulat na ito, matutuwa ka dahil finally, magiging malaya ka na.

Simula ng makilala kita, na-kumpleto ang buhay ko. Kahit pakiramdam ko ay ginagamit mo ako, ayos lang sa akin. Dahil hindi naman totoo yung diba? Sabi mo kasi mahal mo ako kaya naniwala ako sayo kaysa sa mga kaibigan ko. Pati nga sila nagtatampo kasi wala na raw akong oras sa kanila pero ok lang, basta't para sayo—lahat gagawin ko.

Kung dumating ang time na ma-realize mo na mahal mo ako, hihintayin kita sa lugar kung saan tayo unang nagkita. Malapit lang sa eskwelahan at bahay mo iyon kaya sigurado akong hindi ka ma-traffic, hehe! Pero bigyan mo muna ako kahit mga dalawang taon bago mangyari iyon. Masyado kasi akong nasaktan sa nangyari, sana nauunawaan mo.

But if this letter is meaningless to you, just don't think about it. I'm just happy nakilala kita. With regards to my dream, even if it will not make into a reality, I'll find a way to make it happen. After all, I believe that I'm the only one who can make you happy.

But for now, I have to let you go... Take care while I'm gone.

Ernest

"What the heck was that!?" Ang kapal ng mukha nito para makapag-break sa kaniya! Hindi naman siya gwapo no! Matalino lang siya, yes. Pero pagdating sa charm at pagiging manly, sopla ito! Zero!

Nilukot niya ang sulat ni Ernest bago niya ito tinapon sa ilalim ng kama niya. "Diyan ka nababagay! Bukas pagsisisihan mo ang pakikipag-break mong ito! Hinding-hindi na ako babalik sayo kahit magmakaawa ka pa, ever!"

KINABUKASAN, sa kanilang school grounds...

"Opera! Wala ka pala eh! Nakipag-break na sayo ang boyfriend mong uto-uto!" sabay tawa ng kabarkada niya na umiinom ng softdrinks.

Humirit naman ang katabi nito. "Oo nga! Sa ganda mong yan, imposibleng mangyari pero nangyari pa rin! Gosh, what happened!?"

"Hindi ko nga rin alam. Pero bahala siya sa buhay niya! Hindi lang naman siya ang lalake sa mundo no!" depensa naman niya sa sarili.

"Pero may balita kami sayo Opera! Nag drop-out na daw si Ernest sa school! Meaning, wala na siyang planong grumadweyt! Hala ka! Kasalanan mo!"

"Nako, oo nga! Nabalitaan namin kanina sa classmates niya. At ang primary suspect ay ikaw!"

"Bakit ako!? Wala akong kasalanan no!"

Bigla ay nag-seryoso ang barkada niyang may hawak ng softdrinks. “Pero Opera, minahal mo ba talaga yang si Ernest? Biruin mo, tumagal kayo ng almost three years. That’s record breaking.”

“Oo nga, naturally, hindi ka naman playgirl. Pero napag-tiyagaan mo si Ernest. Ano ba talaga sis ang nararamdaman mo sa kaniya?” segundo naman ng katabi nito.

Natahimik siya. Oo nga naman. Tumagal sila ng maraming taon pero hindi niya inisip kung mahal ba niya talaga ito o hindi. Oo, plano niyang gamitin si Ernest pero ang pangagamit na iyon ay tumagal din ng ilang taon. Mga ilang taon din niya itong inuto, pinahirapan, pinagastos at halos ipahiya sa mga kakilala nito.

Napakagat siya ng labi. Mahal nga ba niya ito o talagang pinaglaruan lang? Napatayo siya bigla sa kaniyang kinauupuan. Mag-cu-cutting classes siya! Kailangan niyang puntahan at makita si Ernest. Kailangan niyang malaman ang tunay niyang nararamdaman para dito!

MABILIS niyang narating ang probinsiya nito kung saan naruon ang bahay ni Ernest.

Mabuti na lang at natandaan niya ang mga instructions na ibinigay nito sa kaniya nuon. Nag-bus siya, sumakay ng dyip, nag-bangka, nag-tricycle at saka naglakad ng ilang metro marating lamang ang bahay nito sa probinsiya.

Unang beses pa lamang niyang nakarating sa bayan na iyon. Isang bayan na tahimik at magagalang ang mga tao. Sa unang pagkakataon ay nakaramdam siya ng awa sa sarili. Awa dahil hindi niya naranasan ang mamuhay sa ganung klaseng lugar, napakatahimik at napakapayapa kasi. Nakakawala ng pagod kahit saan ka tumingin, hindi katulad sa subdivision nila na halos karamihan ay puro materyal na bagay ang inaatupag.

“Mawalang galang na po. Alam niyo po ba kung saan ang bahay ni Ernest dito?” tanong niya sa isang lalake na nakaupo sa tabi ng nag-iisang tindahan sa baryong iyon.

“Ito na mismo ang bahay ni Ernest, sino po sila?” magalang na tanong ng lalake.

“A—ako po si Opera. Kaibigan po niya.”

“Opera ba kamo? Hala! Inang! Itang! Nandito ang girlfriend ni Kuya! Ke-ganda pala niya oh!” agad na sigaw ng lalake na nakausap niya. Kapatid pala ito ni Ernest.

Tumuloy siya sa bahay ni Ernest. Simple lamang ang mga kagamitan sa loob ngunit lahat ng mga ito ay nasa maayos na lugar. Kakaiba talaga ang pamilya nito, ito na yata ang tunay na pamilya na sinasabi ng karamihan.

“Opera iha, bakit ka naparito? Nasaan si Ernest?” bati ng ama ni Ernest sa kaniya pagkatapos niyang mag-mano dito. Kumuha naman ng maiinom ang ina nito. Ang mga kapatid naman nito ay nakiki-usyoso sa loob ng kwarto na nasa tabi ng sala.

Ngumiti siya sa tatay nito. “Kaya nga po ako nagpunta dito dahil nag-drop-out na po si Ernest. Pinuntahan ko siya sa kaniyang boarding house pero wala na ang mga gamit niya dun. Inisip ko na baka umuwi na siya dito sa bahay ninyo.”

“Nako iha, hindi pa siya umuwi dito. Ang alam namin kasi ay sem-break ngayon at mga ilang araw na lang ay ga-graduate na siya. Ano ba kasi ang nangyari?”

“Hi—hindi ko nga rin po alam. Na-gu-guilty tuloy ako. Pakiramdam ko ako po ang may kasalanan kaya siya nag-drop-out.”

“Nag-away ba kayo?”

“Hi—hindi po. Pero—“ napakagat siya ng labi. *“Pero ginamit ko ho ang anak niyo para makaahon sa mga subjects ko.”* Ganun ba ang sasabihin niya? No way!

“Pero ano iha?”

“Pero may nagawa po ata akong masama na hindi niya nagustuhan. Kaya kung sakaling bumalik po siya, pakisabi po sorry, hindi ko po sinasadya.”

Ngumiti lamang ang ama nito bago nito tinapik-tapik ang kaniyang kamay. “Walang anuman iyon iha. Alam mo yang si Ernest, sobrang mapagmahal yan. Simula ng mamatay ang kapatid niya, naging malungkutin siya. Pero bilib din kami sa lakas ng loob niya dahil mag-isa siyang umahon. Di nga namin alam kung saan niya kinukuha ang lakas ng loob niyan eh.”

“Ganun po ba...” tumayo siya upang magpaalam. Wala na siyang panahon upang patagalin ang kaniyang oras sa bahay nito. Mas lalo lang siyang nasasaktan sa nangyayari. “Magpapaalam na po ako. Pakibigay na lang po sa kaniya itong regalo ko para sa kaniyang kaarawan. Naipangako ko po kasi sa kaniya iyan. Nakalimutan ko lang ibigay sa mismong birthday niya.

“Hindi ka na ba muna mag-mi-miryenda bago ka umalis?”

“Hindi na po, may hinahabol din po kasi ako. Salamat na lang po.”

“Sige, pero iha...” habol ng ama nito pagkatapos niyang maka-apak sa labas ng bahay nila.

“Ano po yun tay?”

“Sa tingin ko, kung nabuhay ang anak kong babae na sobrang mahal ni Ernest—siguro naging kamukha mo iyon. Halos magkapareho kasi kayo ng mata at hugis ng mukha.”

Natahimik siya. Minahal ba siya ni Ernest dahil kamukha niya ng nasira nitong kapatid? Ibinalik niya ang sarili sa realidad. Wala siyang paki-alam dahil iba siya at iba ang kapatid nito. Sa huli, tanging si Ernest lamang ang makakasagot sa katunungan niyang iyon. “Sa—salamat po. Babalik na lang po ulit ako.”

Inabot din siya ng ilang oras bago niya marating ang bus station. Habang nasa bus, nasagot din niya ang sarili niyang katanungan tungkol sa nararamdaman niya para kay Ernest. At ang kasagutan ay—oo! Mahal niya ito! Binulag lamang niya ang kaniyang sarili dahil masyado siyang naging sakim para lamang makaahon sa pag-aaral. Nasasaktan siya sa ginawa niya kay Ernest. Kung may magagawa lang siya upang maibalik ang nakaraan, gagawin niya iyon! Pero ano na ang magagawa niya?

MAG-ISA naglalakad sa mall si Opera. Kung dati ay lagi niyang kasama si Ernest na nag-a-arcade, namimili ng kung anu-ano, kumakain sa iba't ibang restaurant, nanunood ng sine at iba pa—ngayon ay hindi na. Wala na ito, iniwan na siya.

Maya-maya ay may narinig siyang boses na tumatawag sa kaniya. Lumingon siya, ito ang kaibigan ni Ernest sa anime shop na pinuntahan nila.

“Ikaw si Opera, diba?” tanong nito habang hinihinal ito. Kanina pa yata siya hinahabol nito.

“Ba—bakit?”

“May pinabibigay sayo si Ernest. Sabi niya pag nakita daw kita, ibigay ko sayo ito.”

“A—ano ito?”

“Hindi ko rin alam, buksan mo. Gusto ko rin makita kung ano yan eh.”

“Si—sige. Pero dun tayo sa food court, gusto ko munang maupo, kung pwede lang sana.”

“Ok lang.”

Pagkarating nila ng food court ay agad silang kumuha ng upuan. Bumili ng maiinom ang kaibigan ni Ernest. Samantalang siya ay nalilito pa rin sa ibinigay ni Ernest sa kaniya.

“A—ano ito?” si Opera.

“I can’t believe it. Iniligay niya ang dalawang espada diyan sa mini shrine stand na iyan. Pero teka, ano yang nakalagay sa loob ng espadang nasa itaas? Mga sing-sing ba yan?”

Sinuri niya ito. Oo nga, may dalawang sing-sing na nakasabit dito. Pero bakit ito nakasabit sa espadang nasa itaas? Tapos mayruon pa itong isang espada sa ilalim ngunit wala namang nakasabit duon?

“Now I get it...” sabi ng kaibigan ni Ernest. Tila alam nito ang sagot sa katanungan niya. Kailangan lang niyang makinig sa sasabihin nito.

“Sige, paki-explain kung bakit ganyan yan.”

“Alam mo kasi Opera, mayruon kasing kasabihan na kapag inilagay mo ang bagay na mahalaga sayo sa yelo, maiingat na yelongs iyon ang bagay na mahalaga sa iyo. Sa kasong ito, ang espadang ito ay gumagamit ng yelo upang ipagtanggol ang may-ari nito sa anumang panganib. At inilagay ni Ernest ang dalawang sing-sing na iyan sa gitna ng espada upang ma-protectahan iyon sa anumang pwedeng mangyari.”

“Pero anong ibig sabihin nung espadang nasa ilalim?”

Napatanga ang kausap niya. Hindi yata nito alam ang sagot. “Hindi ko rin alam Opera. Medyo weird kasi pareho silang ice swords eh.”

“May sinabi ba sayo si Ernest nung huli kayong nagkita?”

“Wala naman. Sinabi niya lang na ibigay ko sayo ito pag nakita kita. Kita mo naman, hindi ko pinakialamanan yan dahil sobra ang pagkakabalot diba?”

“Sa—salamat. At sorry kung naging mataray ako nung pumasok ako sa shop mo.”

“Ok lang yun. Sige, iwan na kita. Paki-kamusta na lang ako kay Ernest ha?”

“Si—sige.” Tanging naisagot niya dito. Ang hindi nito alam, nag-drop-out na sa klase si Ernest at hindi na nagpakita sa kaniya.

At ngayon, mas nadagdagan pa ata siya ng problema dahil sa ibinigay nito sa kaniya. Isang uri ng shrine na kakaiba sa lahat. Isang uri ng shrine na may kakaibang rason na iniukol lang para sa kaniya.

Habang pinagmamasdan niya ang ibinigay nito sa kaniya ay hindi niya maiwasang mapaluha. Ngayon niya lubos naisip na nag-iisa na pala siya. Mahal niya si Ernest pero anong silbi ng pagmamahal na iyon kung wala naman ito?

Natabig niya ang shrine na ginawa nito para sa kaniya. Bumagsak ang espada at mga sing-sing sa lamesa. May napansin siyang kakaibang bagay na nakalagay sa ilalim nito. Sinuri niya ito. Isang maikling sulat!

FROZEN SHRINE – I built this to protect my dream—to love you forever.

Nakapag-desisyon siya! Kung ayaw makipagkita sa kaniya ni Ernest, maghihintay siya ng dalawang taon! Kung yan ang gusto nito, gagawin niya iyon! At paghahandahan niya ng todo ang oras na iyon! At oras na makita niya ito, sisiguraduhin niyang masasaktan ito ng todo sa kaniya! Dahil lintik lang ang walang ganti! At gaganti siya sa pagkakataong iyon ng pag-ibig. Dahil tatadtarin niya ito ng halik at yakap. Mga halik at yakap na hindi niya nagawa nuong mga panahong niloloko niya ito.

DALAWANG taon ang lumipas...

Nagpatuloy ang malakas na pagbuhos ng ulan at malakas na pag-ihip ng hangin ngunit hindi naging hadlang iyon upang tuparin niya ang kaniyang pangako. Pangako na halos tumagal ng dalawang taon. Hindi rin naging masyadong malamig para sa kaniya ang panahong iyon dahil sa balabal na kaniyang suot.

Pagkadating niya sa lugar kung saan sila unang nagkita ni Opera, nakadama kaagad siya ng kalungkutan dahil hindi niya ito makita duon. Inilibot niya ang tingin sa paligid at may napansin siyang babae na nakahiga sa isang malaking poste.

Agad niyang nilapitan iyon at agad na nakilala—si Opera ito!

“Opera! Ako ito, si Ernest! Gumising—” naputol ang kaniyang mga susunod na sasabihin dahil agad siyang sinampal nito. Napansin niya na nangayayat ito. Balita niya ay kagagaling lang sa sakit nito pero pinilit pa rin nitong makarating sa nakatakdang panahon at oras ng kanilang pagkikita

“I hate you! Pinaghintay mo ako ng mahabang panahon tapos sisigawan mo lang ako?” muktol ni Opera bago ito umubo.

“I—I’m sorry. Hindi ko naman—” Agad na yumakap ng mahigpit sa kaniya si Opera at siniil siya ng madiin na halik sa labi. Halatang sabik na sabik ito sa kaniya. Niyakap niya rin ito at sinagot ang halik nito.

“— I missed you so much. Don’t leave me like that ever again, ok?” mahinang sabi ni Opera bago ito umubo ng malakas. Halatang hindi pa ito nakaka-recover sa sakit nito.

“Promise, I won’t leave you. Tara na, mag-uumaga na. Balik na tayo sa bahay.”

“Ayaw ko pa Ernest. This day is very special to me because you came back. You still love me, don’t you?”

“Of course! Pupunta ba ako dito kung hindi kita mahal?” pagbibiro niya.

Napansin nito ang suot niyang balabal. Ngumiti ito. “Suot mo na pala ang regalo ko sayo. I’m so happy.”

“Oo, ibinigay ito nila itang at inang sa akin pagkabalik ko sa bahay. Oh eto, suotin mo muna, malamig pa naman.” Aniya bago niya tinanggal ang balabal at isinuot ito kay Opera.

“Ernest... I want to see this sunlight with you.”

“Bakit naman?” aniya habang hinaplos-haplos niya ang buhok nito. Napansin niyang numipis din ang buhok nito. Gustuhin man niya na ibalik na ito sa bahay nila upang makapag-pahinga na ito ay hindi niya magawa.

“Kasi sa pagsikat ng araw, matutunaw nito ang yelo na pumuprotekta sa dream mo. At pag natunaw iyon, gusto ko, ako naman ang po-protekta sayo.” sabi ni Opera bago nito inilabas ang frozen shrine na ibinigay niya dito nuon. Pero may kulang dahil iisang sing-sing na lang ang nakasabit duon.

“Nagkita pala kayo ni Page. Pasensiya ka na talaga...”

“Ok lang Ernest.” Anito bago siya nito hinaplos sa pisngi. Napansin niya ang daliri nito, suot na nito ang isang sing-sing. “Naguguluhan lang ako kasi hindi ko alam kung para saan ang isang espada sa ilalim? Wala namang nakasabit duon, imposible namang display lang iyon.

“Display lang talaga iyon. Pareho silang ice sword kaya inisip ko na kumpletuhin yung set kesa naman sa isang espada lang ang bibilhin ko.”

“Ganun ba? Kahit kailan talaga, napaka-fickle-minded mong mag-isip. Minsan hindi kita maabot.” Sabay tawa ni Opera ngunit umubo itong muli. “Minahal mo ba ako dahil nakikita mo ang kapatid mo sa akin?”

“Hindi. Iba ang kapatid ko, iba ka. Mahal kita dahil kailangan kita.” sagot niya dito. Maya-maya ay napansin niya na unti-unti nang sumisikat ang araw. Humupa na rin ang malakas na pagbuhos ng ulan at ihip ng ulan. Ambon na lang ang naiwan dito.

“Ernest...”

“Huwag ka ng masyadong magsalita, I know you’re sick. Tara na, umaga na.”

“Mamaya na. I’m so happy that you came. May gift ako sayo...”

“Talaga? Ano naman yun?”

Hinawakan siya ni Opera ng mahigpit sa kwelyo bago siya nito tinitigan. Titig na ngayon lang niya naaninag mula sa mga mata nito. Napansin niyang mas lalong lumalim ang paghugot ng paghinga nito. “I want to be your wife—please marry me...”

“Ta—talaga!? Oo! Sige! Pero I will say yes kung uuwi na tayo. Kailangan mo ng magpahinga”

Ngumiti lamang ito bago ito bumulong sa kaniya. “I’m at peace when I’m with Ernest. And you said yes already, my love...” anito bago isinuot sa daliri niya ang isang sing-sing na nakasabit pa sa espadang yelo sa frozen shrine.

Pagkatapos magsalita ni Opera ay bumagsak ang mga kamay nito, kasabay ang stand ng shrine at ang dalawang yelong espada nakasabit dito. Tinapik niya ito ngunit wala itong reaksyon. Pinulsuhan niya ito ngunit wala itong tibok. Sinubukan niyang i-CPR ito ngunit wala na ito. Patay na si Opera.

Kasabay nito ay ang pagsalubong ng sinag ng araw sa kanilang dalawa. Nadamay din sa sinag nito ang dalawang espadang yelo na kayang mag-protakta ng mahalalagang bagay sa sinumang humahawak nito...

Sa Paskong Ito

by foobarph on December 24, 2009

“**VIRA**, ilang ulit ko bang sasabihin sayo na marami akong gagawin ngayon at sa twenty five. I’m working whole day long and other than that, I have businesses to manage.” sagot ni Kian sa kaniya habang nag-uusap sila sa cellphone.

Inabot pa siya ng maraming missed calls bago nito sinagot ang tawag niya. Pakiramdam niya, hindi matutuloy ang surpresang inihanda niya para dito sa darating na pasko. Naghanda kasi siya ng simpleng dinner date sa mismong apartment na inuupahan niya. Ang gusto kasi niya, makasama niya ito sa noche buena dahil sobrang busy ito sa trabaho sa nagdaang taon.

Almost five years na silang nagsasama bilang magkasintahan. Nakilala niya ito sa isang IT convention dahil region manager ito sa isang malaking call center dito sa Pilipinas. Siya naman ay naghahanap pa ng trabaho noon. Kung hindi pa niya ito nakilala, tiyak na hindi siya makakaraos sa hirap ng buhay.

Masasabi niyang malaki ang utang na loob niya dito at siyempre pa, minahal niya ito dahil sa kagandahang loob na ipinakita nito sa kaniya. Pero bakit banaman sa dinami-dami ng mga babaeng nakapalibot dito ay siya pa ang niligawan nito ng husto. Ilang beses niya rin itong tinanggihan dahil sa agwat ng status nila pero in the end, nahulog din ang loob niya dito.

“Nagtatanong lang naman ako baby. Huwag ka ng magalit.” malumanay na sagot niya dito. Alam niyang nagmamaneho ito papunta sa isang site na i-ma-maintain nito.

“I’m sorry but I’ll try to catch you later.”

“I lo—” hindi na niya natapos ang kaniyang sasabihin dahil agad na nitong tinapos ang tawag nila.

Gustuhin man niyang mainis pero hindi niya magawa dahil sa lahat ng magagandang asal na kaniyang sinalo noong ipinanganak siya, ang pagiging maunawain at malawak na pag-iisip na siguro ang pinapak niya mula sa kalangitan.

Sinulyapan niya ang spaghetti sauce na katatapos lamang niyang lutuin. Tinikman niya ito at halos mapaiyak siya ng malasahan niya ito. Sobrang sarap! Pero aanhin niya specialty na “spaghetti” na niluto niya kung mag-isa lang siyang kakain nito? Useless din!

It’s around seven in the evening pa lang before twelve kaya marami pa siyang oras! That moment, she decided to go sa mismong site na pupuntahan nito. Tiyak na masu-surpresa niya ito.

Dali-dali siyang bumiyahé bitbit ang picnic basket na binili pa niya sa nakaraang christmas bonus na natanggap niya. This year, she decides to quit her job and focus sa business na inaasikaso nito. She realized that for Kian to have a business and a full time job is a tedious one. Gagawin niya ito para tulungan gumaan ang workloads nito. She’s sure that she will get his blessings sa magiging decision.

Pero papaano kung hindi ito pumayag? Magiging ganito na lang ba sila ulit next year?

Tinampal niya ang kaniyang sarili upang bumalik siya sa realidad. Hindi siya dapat nag-iisip ng kung anu-ano lalo na ang mga bagay na mangyayari pa lang. She must focus on their present situation at hindi sa future. After all, no one knows what will happen to those things which are not realized yet.

After reaching Kian's office, she decided to go quickly sa office nito. This will be her second time to visit him in this site. The first one was a horrible experience dahil inimitahan siya nito sa kanilang halloween party. She never expected na almost ninety percent ng populasyon sa opisina ay babae! That's the time she realized na mahal nga siya nito dahil kahit sobrang daming babae ang nakapaligid dito ay hindi siya iniwan nito.

"Ma'am, saan po tayo?" bati ng guard pagkatapos niyang makaakyat sa floor kung saan matatagpuan ang opisina nito.

"Kay Sir Kian po. Oh by the way, merry christmas sa inyo manong guard." sabay abot ng pancake na ginawa niya kanina lang.

Mabilis pa sa alas-kwatro na tinanggap ng guard ang bigay niya. "Wow, thank you po ma'am. Pero wala po ata siya diyan ngayon. Pasok po kayo kung gusto po ninyong masiguro."

Ang ngiting pinakawalan niya kanina dito ay mabilis ding naglaho. Napalitan iyon ng kalungkutan at pagkadismaya. Ang akala pa naman niya ay maaabutan niya ito.

"Where in the world are you Kian!?" Sumbat niya sa sarili.

Sa inis niya ay binigay na lamang niya ang picnic basket sa guard na naglalaman ng spaghetti at ilang breads na niluto niya kanina. This time, napatid na ang pisi niya. Pag hindi pa niya ito nakita even before the end of this year, tatapusin na talaga niya ang relasyon niya dito!

Pumunta muna siya sa restroom para i-compose ang kaniyang sarili. May ilang wrinkles na rin pala siya. Dinuro niya ang babaeng nasa harap ng salamin saka kinausap iyon.

"Ikaw! Bakit ba kasi ang tanga-tanga mo? Almost five years na kayong mag-on pero para ka lang tutang sumusunod sa mokong yun!? Ano ba kasi ang nakita mo dun at sobrang patient ka ever? Ewan! Isa kang- nakoo!"

Bigla ay mag nag-flush sa isang cubicle sa CR saka lumabas ang isang napakagandang babae. Pagkakita niya dito ay nagulat siya sandali because if her memory serves her right, it was the girl na tinutukso ng buong opisina kay Kian! Ito ang dahilan kung bakit siya nag-walkout sa party nila.

"Excuse me? Is there any problem miss?" tanong sa kaniya nito.

"Problem? I don't think so." sagot niya dito. Mabilis niyang pinuntahan ang pintuan upang lumabas pero agad siyang pinigilan nito.

“Are you Kian’s girlfriend?”

“Me? Well, yes. I think so. Why?”

“Wala lang. I’m just wondering kung bakit hindi mo siya kasama ngayon.”

“Hindi ko kasi siya mahanap.”

“Oh, I’m sorry for asking. Sige, I’ll go ahead.”

Hawak na nito ang doorknob but suddenly, she had the guts to speak in her natural voice.
“Wait!”

“Excuse me?”

“Are you in love with Kian?”

“Me? Well, sort of. Why?”

Nagpintig ang mga ugat sa noo niya at gusto niyang ngudngurin ang nguso nito sa inodoro at ng malaman nito kung anong klaseng girlfriend siya. But luckily, may pinag-aralan siya kaya dadaanin na lang niya sa usapan ang kalokohan nito para kay Kian.

“May girlfriend na siya, and that’s me. Bakit?”

“Bakit, masama bang ma-inlove sa boyfriend ng may boyfriend?”

Isang malaking sampal ang natanggap niya dito. Kung iisipin. Walang mali sa sagot nito. Pero may isa pa siyang banat. At pag nagkamali ito ng sagot, sisiguraduhin niyang hindi aabot ito sa noche buena ngayong gabi.

“Kayo ba ni Kian?”

“Kami? Ni Kian? Hindi no.” sabay halakhak na parang bata. “Nagseselos ka ba sa akin?”

Anak ng! Kung malakas siyang mang-asar, di hamak na mas malala itong kaharap niya. Kung pwede lang talaga na tadyakan ito, tiyak na bugbog sarado ito sa kaniya. Kung alam lang nito kung saang kalye siya lumaki, matitiyak niyang hindi na ito sasagot pa sa kaniya.

“Hindi no! Girlfriend na niya ako, so why should I worry?”

“Well, that’s the thing. Girlfriend and boyfriend must be with each other, especially in times like this. Well, I still have some errands to do. Let’s have some chit-chat later.”

Sasagutin pa sana niya ito pero mabilis na itong lumabas sa banyo. Sa pagkakataong iyon, isa lang ang masasabi niya— kabilang na siguro siya sa samahan ng malalamig na pasko o SMP. Kaasar! Kailangan niya sigurong uminom ng iced tea upang mailabas niya ang sama ng loob niya pero huwag na! Uuwi na lang siya at magmumukmok sa kama magdamag!

At kapag hindi pa rin niya ito nakita after Christmas, this whole madness is over!

“SIR, I think big boss wants to see you here in our main site. May problema ata sa system.”
bungad ng kaniyang sekretarya sa kabilang telepono pagkatapos niya isara ang sariling restaurant na mina-manage niya.

“Are you serious!? Anong date ngayon, tell me.”

“Ahm, twenty four?”

“Correct. Now, anong date bukas?”

“Uhm, twenty five?”

“Correct again! And do you know what these dates mean?”

“Err... holiday dates?”

“Very much correct! At dahil sa tama ang sagot mo, you know my reason kung bakit hindi ako pwedeng pumunta sa site ngayon!”

“Pero anong sasabihin ko kay big boss? Alangan namang i-ignore natin yun. Especially sa nature ng business natin, we’re open 24×7, parang 7-11, diba?”

“Look, if you’re trying to make me smile, it won’t work. I have many plans today, in fact, kasama ito sa mga failed plans ko noon dahil pinagbigyan ko si big boss, ok?”

“So paano yan? Magre-request ba ako ng air-strike para siguradong hindi ka na makarating dito?”

“Yes! Please! If that’s what will save me from working my ass tonight, paki na lang po.”

“You really love her don’t you?”

“Her? Sino?”

“Yung girl na sinama mo dito last time tapos nag-walk-out kasi selos na selos ata sa amin.”

“You mean Vira? Yes, siya nga, I love her. And by the way, pinagselos mo siya. It’s your fault she walked away.”

“Well, you’ve forgiven me for that already. I’m just wondering kung ilang taon na ba kayong nagsasama at I can’t imagine na kayo pa rin. What’s the secret formula?”

“Almost five years na kaming mag-on and believe me or not, there’s no secret formula. Kaya this time, to make things easier for her, I’ll be going on rogue sa duties ko sa office so it’s up to you on how to save me.”

“Save you? Are you kidding? Hindi mo ako girlfriend no, sekretarya mo lang ako.”

“Oh come on! Don’t be bitter! I’m just saying that I really can’t go. That’s it.”

“Ok, bahala ka. Leave the airstrike to me.”

“Copy that, thanks! Merry Christmas Izelle.”

“Same to you Kian. Don’t forget my gift. Later!”

Nakahinga siya ng maluwag pagkatapos niyang makausap si Izelle.

Kung sila ni Vira ay almost five years ng mag-on. Masasabi niyang mag-on na sila ni Izelle for seven years bilang magkatrabaho.

Kabilang sila sa pioneer team sa isang malaking call center sa Pilipinas kung kaya’t ganuon na lang kalaki ang tiwala ng big boss sa kanilang team.

But this time, kahit may support request ito ay hindi niya ito pagbibigyan dahil he was planning something else for Vira’s sake. Kung tutuusin, dapat last three years na niyang ginawa ito pero dahil nasa critical pa rin ang status ng kanilang opisina, especially one of his businesses, wala siyang choice kung hindi late na i-celebrate ang Christmas niya with her.

Maya-maya, tumunog ang kaniyang cellphone. It was Vira!

Agad niyang sinagot ang tawag nito.

“Hi Baby, don’t forget ha, punta ka sa apartment mamaya.”

“Vira, ilang ulit ko bang sasabihin sayo na marami akong gagawin ngayon at sa twenty five. I’m working whole day long and other than that, I have businesses to manage.” sagot niya dito habang nagmamaneho siya papunta sa isang jewelry shop.

“Nagtatanong lang naman ako baby. Huwag ka ng magalit.”

“I’m sorry but I’ll try to catch you later.” agad niyang pinutol ang tawag nito.

Hindi dapat ito makahalata na may surpresa siyang inihanda para dito. Sinadya niya rin na hindi banggitin ang endearment nila sa isa't-isa upang hindi ito magduda sa kaniyang balak ngayon gabi.

Ang plano? To propose marriage and ask her to quit her job and manage all the businesses he had. Isa na nga ang restaurant business niya. Ang isa pa ay hardware shop at mini-grocery store.

PAGDATING niya sa jewelry shop, agad siyang binati ng sales attendant duon.

“Hi sir, looking for something?”

“Yes, I need an engagement ring. But I don’t want the expensive ones. Yung simple lang at yung tipong komportableng isuot araw-araw.”

“Great! In fact, we have something that will definitely fit your taste sir.”

Mabilis siyang nakapili dahil magaling mag-asikaso ang babaeng nakaharap niya. Wala pang ilang minuto ay nabayaran na niya ang kaniyang napiling singsing.

Hopefully, magustuhan sana iyon ni Vira. Papalabas na siya ng tindahan ng hinabol siya ng babaeng nag-asikaso sa kaniya kanina.

“Sir, I also suggest po to buy flowers for her para siguradong hindi siya makakahindi sa proposal ninyo. Saka meron po ditong malapit na gift wrapping shop na mura rin ang mga items.”

“Talaga? Thanks for the suggestion iha. By the way, what’s your name?”

“I’m Majejan. Pleased to meet you sir.”

“Majejan... Hmm, I’ll remember that. Thank you.”

SINUNOD niya ang payo nito.

Bumili siya ng three stemmed rose sa flower shop na inirekomenda nito. Bumili rin siya ng maliit na stuff toy sa gift-wrapping shop na malapit dito.

After buying his gifts for Vira, he decided to go to her apartment to surprise her. Sigurado, magugulat iyon kapag nakita niya ang mga bulaklak at stuff toy na binili niya.

Pero pagdating niya sa apartment nito ay naka-lock iyon. Kahit ilang ulit siyang kumakatok ay walang sumasagot sa kaniya. He used the duplicate key na ibinigay nito sa kaniya at tama nga ang kaniyang hinala, Vira is not there.

Pagsara niya ng pintuan ay may naamoy siyang mabango. Galing iyon sa kusina. He went to the kitchen and realized it was her specialty, ang walang kamatayang spaghetti.

Pero parang nabawasan na ang spaghetti pati ang ilang bread na naruon. Baka kinain na nito ang kalahati ng niluto nito.

“Ang takaw.” bulong niya sa sarili bago siya napangiti.

He decided to fix her girlfriend’s room at magluto na rin ng kanin at ulam. Hihintayin na lamang niya ang pagdating nito. Tiyak na masu-surpresa talaga ito kapag nakita siya nito sa apartment nito.

“BABY...”

“Uhm... Vira? Baby?” bulong niya habang namumungay ang kaniyang mga mata. Nakatulog pala siya. He looked at her wall clock at ilang minuto na lang at maghahating-gabi na.

“Merry Christmas...” sabay halik sa kaniya nito. Sinagot din niya ito bago niya ito niyakap ng mahigpit.

“Anong oras ka dumating? Kanina pa kita hinihintay ah.” umupo siya sa sofa mula sa pagkakahiga.

“Siguro mga one hour ago lang. Ininit ko na nga rin ang niluto mo pati ang specialty ko eh.”

“Te- teka! I have something for you.”

“You mean this?” pinakita nito ang daliri nito sa kaniya. Suot na nito ang engagement ring na ibibigay sana niya dito.

“Nakita mo na pala. Geeh.”

“Siyempre, hindi mo naman tinago eh.”

“Pilosopo ka talagang babae kahit kailan.”

“Hindi naman, nagra-rason lang.”

“So, should I still ask you the mystical question?”

“No need. Kita mo naman, suot ko na diba.”

“Oo, pero gusto ko pa rin itanong at gusto ko rin na sagutin mo.”

“Ok then, fine. Pagbibigyan kita. Pero sagutin mo muna ako sa tanong ko.”

“Ok, fire em away.”

Agad siyang binatukan nito ng mahina saka yumakap ng mahigpit. Binulungan siya nito.

“Inaway ako ng sekretarya mong lukaret. Alam mo ba yun? Pasalamat siya, hindi ko siya ningudngod sa inidoro. Or else, manghihiram siya ng mukha sa pet shop.”

Nginitian lamang niya ito bago tinugon ang mahigpit nitong yakap sa kaniya. “Lukaret talaga yun. But don’t worry, we’re friends at mamamatay kaming ganuon. Besides, trip siya ng big boss naming uugod-ugod.”

“Talaga?”

“Oo! Gusto mo tanungin mo pa ang big boss ko.”

“No need baby...”

“So pwede ko na bang tanungin ang itatanong ko sayo? Nagugutom na rin ako eh. And you’re answer will decide whether kung dito ako mag no-noche buena o hindi.”

“Sige, ready na ako.”

“Marry me and become my wife, a wife... in it’s real essence.”

Tumayo muna ito sandali saka binuksan ang kurtina sa labas. Dumukot din ito ng flashlight saka itinutok iyon papalabas ng bintana na parang nagbibigay ng signal sa kung ano man.

Maya-maya ay may mga maliliit na liwanag ang gumuhit papaitaas ng langit saka nagbigay ng iba’t-ibang kulay sa kalangitan. It was fireworks! At galing iyon kay Vira.

“Sigurado ka ba? Wala ng bawian yan ha?”

“Oo, siguradong-sigurado baby.”

“If that’s the case, yes. I will marry you. Merry christmas and I love you with all my heart.”

Agad itong tumakbo papalapit sa kaniya saka siya nito siniil ng madiin sa labi. Sa buong pagsasama nila, ito na yata ang pinakamatamis na halik na natanggap niya mula dito.

Kwaderno

by foobarph on June 12, 2008

PAGKATAPOS madakip at mabitay ang ina ni Clara na si Josefa Gabriela sa Plaza ng Vigan, Ilokos Sur sa salang rebelyon laban sa mga Kastila ay nagpasya siya lumayo at manilbihan bilang isang katulong sa matalik na kaibigan ng kaniyang ina. Ipinangako niya sa kaniyang sarili na ipaghihiganti niya ang mga kalupitang naranasan ng kaniyang pamilya laban sa mga dayuhang sumakop ng kanilang bansa— pati na rin sa mga kababayan niyang nagpagamit dito.

Matapos ang ilang buwang paninilbihan niya ay nagpasya siyang pumunta sa Berlin at duon mag-aral upang makakuha ng titulo sa lipunan na siyang gagamitin niya sa kaniyang paghihiganti. Inabot ng ilang araw ang kaniyang paglalayag sa karagatan at marami rin siyang nakilalang mga mahahalaga at makakapangyarihang mga tao sa lipunan. Ginamit din niya ang kaniyang angking talino at kagandahan upang makakuha ng iba't ibang impormasyon na siyang gagamitin niya pagdating niya sa Berlin.

Ngunit habang nagsusulat siya ng liham sa pampublikong cabin ng barko ay biglang natabig ng lalake ang tintang kaniyang ginagamit at ito'y tumapon sa kaniyang damit. Humingi ng paumanhin ang lalake ngunit binalewala niya ito, bagkus ay isang malakas na sampal ang ibinigay niya dito. Wala namang nagawa ang lalake kung hindi ang manahimik at titigin siya. Iniwan niya ang lalake at agad na tinungo ang kaniyang kwarto upang tingnan sa salamin ang tintang tumapon sa kaniyang dibdib. Tatagal pa siguro ng ilang linggo bago tuluyang mawala ang marka ng tintang iyon.

Pagkatapos mahimasmasan ay naalala niya ang pagmumukha ng lalake. Mestizo ito at may kawapuhan din. Naisip niyang mali ang kaniyang nagawa dahil humingi naman ng paumanhin ito ngunit huli na ang lahat, marahil ay nagalit na rin ito sa kaniya. Pero kasalanan naman din nito kung bakit siya nagkaganuon kaya wala itong karapatang magalit! At hindi porke may hitsura ito ay patatawarin na niya ito kaagad. Malay ba niya kung talagang sinadya nito ang pagtabig sa kaniyang tinta.

Nasabunutan na lamang niya ang kaniyang sarili bago niya inilibot ang kaniyang paningin sa malawak na karagatan habang nasa loob siya ng kaniyang kwarto. Maya-maya lang ay nakatulog siya habang pinagmamasdan ang kariktan niyaon.

MAAYOS namang nakarating sa Berlin si Clara at naging madali para sa kaniya na kabisaduhin ang bawat sulok ng siyudad dahil sa nabili niyang mapa at sa mga nakuha niyang impormasyon habang nasa barko siya.

Naging maayos ang kaniyang pamumuhay bilang estudyante sa Universidad ng Berlin. Sa umaga'y sinusunog niya ang kaniyang kilay sa pagbabasa at sa gabi nama'y isa siyang tagapaglingkod sa malaking restaurant na bukas hanggang hating-gabi.

Nuon niya napansin ang isang lalake na halos hindi na makabangon dahil sa sobrang kalasingan. Nilapitan niya ito't pinilit na ayusin sa kaniyang pagkakaupo ngunit sadyang mabigat ang lalake. Pagkaraan pa nang ilang minuto'y naging maayos na rin ang pakiramdam nito at dito niya napansin na siya rin ang lalakeng nakasagi ng kaniyang tinta habang nagsusulat siya sa barko.

Sa pagkakataong iyo'y nagkaruon sila ng pagkakataon na makapag-usap tungkol sa nangyaring aksidente sa barko. Mabilis na nagkasundo ang dalawa ngunit kinailangang umalis kaagad ng lalake nang hindi man lang niya naitanong kung saan ito nakatira o kung ano ang ginagawa niya sa Berlin.

Pagkapasok niya sa kaniyang inuupahang kwarto'y wala pa ring tigil sa bilis ng pagtibok ang kaniyang puso. Lagi niyang iniisip ang mestizong lalakeng kaniyang nakilala. Bagama't alam niyang may katandaan ito nang maraming taon sa kaniya'y hindi ito naging hadlang upang mapagtanto niya na umiibig na pala siya sa lalakeng iyon.

HABANG patakabong tinutungo ni Clara ang silid aralan para sa kaniyang huling pagsusulit ay nabunggo niya ang lalake sa kaniyang harapan. Nasaktan siya ng bahagya dahil sa na rin sa kaniyang kapabayaang. Nang lingunin niya kung sino ang kaniyang nabunggo'y nagulat na lamang siya ng muli niyang makita ang mestizong lalakeng bumabagabag sa kaniyang puso at pag-iisip.

Balewala ang sakit na kaniyang tinamo dahil lalo niyang napatunayan sa kaniyang sarili na umiibig siya dito lalo na nang hilutin nito ang kaniyang mga kamay. Ngunit mabilis din siyang nagpaalam sa mestizong lalake dahil mahuhuli na siya sa kaniyang pagsusulit.

Habang hinihintay nila ang kanilang guro'y laking gulat niya nang makita ang mestizong lalake. Isa rin pala itong guro sa paaralang pinapasukan niya. Palibhasa'y lumiban ang kanilang totoong guro dahil sa mataas na sinat kung kaya't ito na muna ang pansamantalang pumalit dito sa pagkakataong iyon.

Pagkatapos ng pagsusulit ay niyaya siya nito na kumain sa labas at iyon ang naging simula ng kanilang madalas na pagkikita at sa kalauna'y nauwi sa pag-iibigan. Naging madali sa kanilang dalawa ang pag-aralang mahal in ang isa't isa dahil sa kanilang tila baliktad na ugali.

Si Clara'y matapang ngunit maamo sa kaniyang minamahal. Samantalang ang mestizong lalake nama'y lagi siyang kinakausap at inaalagaan nito.

ISANG araw, habang inaayos ni Clara ang gamit ng kaniyang pinakamamahal na mestizong lalake ay may napansin siyang lumang kwaderno na pagmamay-ari ng mestizong lalake na nagsasaad ng kaniyang nakaraan. Binuklat niya ito at sinimulang basahin ang nag-iisang akda na nakatala duon.

Hindi ko napigilan ang aking sarili. Napaslang ko ang aking matalik na kaibigan dahil sa tinatago kong maling pag-ibig para kay Josefa Gabriela na alam kong ito'y para kay Diego lamang!

Dahil dito'y magpapakalayo-layo ako at pipilitin kong ayusin ang aking buhay. Hindi na muli akong iibig pa dahil para sa kaniya lamang ang aking puso, na siya ring kaisa-isang pag-ibig na ipinagkait sa akin ng tadhana.

Patawad kaibigan ko, patawad Diego.

Pagkatapos mabasa ang akda'y may nakita pa siyang larawan sa kabilang pahina nito na kung saa'y may nakaguhit na tatlong tao: Si Josefa Gabriela, Diego Silang, at ang mestizong lalakeng kaniyang iniibig.

Compiler's Note

--

Ngayon ko lang napansin na karamihan sa mga entries na narito ay galing sa akin. Kunsabagay, ako ang nagpasimuno nito kaya ako ang salarin, nyahaha!

In behalf of Yesha and Louise, thank you for sharing your work under this project. Ikinompile ko na lang ito para at least may maibahagi tayo para sa madlang pipol na nagmamadaling magbasa n gating istorya.

Take note, this is the first ever FREE tagalog romance pocketbook in online market (that doesn't need gils) so hopefully, this is not last so keep your support flowing.

Keep in touch and feel free to share your comments by visiting our website, posting in our fanpage wall or tweeting us!